

ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG LAODICEA

✉ Ngayon, hindi niya nakumpleto 'yun. Sabi ko, “Nahuli ako para sa kasal ko . . . Naipanganak nang medyo huli na, nahuli nang kaunti sa kasal ko, anupa't kung maaari lamang akong mahuli rin para sa libing ko!” Yun 'yung isa na gusto ko talagang mahuli, na talagang huling-huli.

² Mangyari po, 'yung mga tawag sa telepono sa bahay, kaya hindi po ako makaalis, halos. At pagkatapos na makaalis nang maaga ang maybahay ko't sila, talagang napakarami kong bagay na gagawin. At hayan ang mga tao sa iba't ibang lugar, na ipapanalangin, at ngayon ay kararating ko lang; haya't dumating ang kapahayagan ng Panginoon para sa isang kapatid na lalaki; tapos sa kapatid na babaing nakatayo diyan sa likod, na may sakit; alam n'yo na ang ibig kong sabihin, talagang sunod, sunod, sunod. At ni hindi ko man lamang nakamayan ang ilan sa mga kaibigan ko rito na taga-Georgia at mga taga-iba't ibang lugar sa palibot, doon sa Canada. At talagang mabigat sa damdamin ko na hindi ko kayo nakamayan.

³ At, siyanga pala, nasaan si Fred ngayong gabi, si Fred Sothmann? Fred, naaalala mo pa ba 'yung panahong tinawagan mo ako mula sa Canada, na papunta ka na sana, at sinabihan kitang huwag pupunta na sakay ng kotse? Pumunta ka, pa rin; nawasak ang sasakyan mo sa isang banggaan, halos . . . nawasak ang kotse niya, kamuntik nang mapatay ang kanyang asawa, pamilya, nabali ang ilong niya, at naratay silang lahat sa ospital.

⁴ Kani-kanina lang noong paalis ako, sa katanghalian, nakatayo si Kapatid na Ben diyan sa labas, lumapit siya sa akin. At lumapit doon si Rosella, sabi niya, “Uwi na ako.”

Sabi ko, “Rosella!”

Sabi niya, “Ano pong problema, Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Kakatwa talaga ang pakiramdam ko tungkol diyan.” Kita n'yo?

Sabi, “Mayroon bang mangyayaring anuman?”

Sabi ko, “Hindi ko pa alam. Para bang sa akin, may Bagay na nagbabala sa akin.”

⁵ Tinawagan niya ako mga ilang minuto ang nakalipas, naaksidente na pala siya. At ganoon nga, wala namang nasaktan, anupa't hayun ang kamay ng Panginoon. At dumausdos siya (Nagyeyelo talaga sa Norte.) at dumausdos siya sa Indianapolis, at bigla na lang siyang dumausdos sa kabila ng daan

nang talagang mabilis nang *paganito*. At sumigaw siya, “Oh Panginoon, tulungan Mo ako!” Bumalik muli ‘yung kotse sa gawing *ito*, bumalik at napunta sa tamang hanay nito, at biglang umayos na. Nagpatuloy siya sa daan, sabi niya, “Grabe, grabe, ang laki ng pasasalamat ko na makaalis doon, dahil pasalubong na ‘yung iba pang mga kotse sa mismong daan na ‘yun, na talagang nagliliparan sa bilis.” Kaya tumawid siya sa kabila ng daan, at saka siya huminto roon para . . . Sa paniwala ko, parang, huminto siya para sana bumili ng isang tasa ng kape o kung ano. At bago lamang siya makalabas sa kotseng ‘yun, bumangga ang isa pang kotse sa likuran niya, may isa pa mismo sa likuran nito, isa pa mismo sa likuran nun, at doon silang lahat tumambak. Haya’t sabi niya na medyo nanginig siya, pero hindi gaano, kaya naman gusto niyang pasalamatang Panginoon, at tumawag at sabihin sa iglesya na pasalamatang Panginoon na hindi siya nasaktan o anuman, at hiniling sa iglesya na magpatuloy lang na ipanalangin siya na makauwi. Kita n’yo, baguhan siyang nagmamaneho, katatanggap lamang niya ng kanyang lisensya. Kaya naman, ang laki ng pasasalamat ko.

⁶ Kaya naman nakabubuti sa tuwina na pansinin ang mga babalang gaya nun ng Panginoon. Sabi, “Buweno,” sabi niya, “Hindi ako makakapasok sa trabaho nang isang araw.” Ano naman ang isang araw na trabaho? Higit pa roon ang gastos para ayusin ‘yung likuran ng kotse, kita n’yo. Kaya pinakamainam na—na kayo’y . . . manatili sa Panginoon. Hindi po ba’t tama? Kung sasabihan Niya tayo ng anuman, mabuting manatili tayo Rito. Dahil Siya’y tama sa tuwina. Hindi po ba? Tama sa tuwina!

⁷ Ngayon, oh, talagang . . . naging napakaganda ng sanlinggong ito. Sadyang hindi ko alam kung papaano ko ipapahayag ang sarili ko sa Diyos at sa inyo na mga narito para sa napakagandang sanlinggong ito. Ito nga’y ilan sa mga pinakamasayang walong araw na nangaral ako kailanman sa buhay ko. Totoo ‘yun. Marami akong—akong natutunan tungkol sa Panginoon at sa Kanyang mahabaging biyaya, at sa lahat ng ginawa Niya para sa atin, at ang makita ang Kanyang Espiritu na muling kumikilos sa iglesya. At labis akong nagagalak na makitang nagsisimulang gumana muli ang mga kaloob sa iglesya. Kita n’yo?

⁸ Ngayon, kapag naroon ka na, kapag nasa malayo ka, para bang mayroong isang tao na talagang eeksena, na sadyang—sadyang dudumihan ito, alam n’yo, basta na lamang uumpisahan nilang gumawa ng kahit ano. At kapag dudungisan mo ang mga kaloob na ‘yun, wawaglitan ka ng karangalan ng Diyos. Kita n’yo? Siyanga. Kinakailangan n’yong gawin ang mga ‘yun nang tama. At, ang paraan na gusto natin dito’y sadyang nasa kaayusan ito, ang paraan ng pagsasalita nila ng iba’t ibang wika. Na hindi lamang binabanggit ang isang Kasulatan, kundi sinasabi ang isang bagay na nakatakdang mangyari. At

kung mananatili lamang kayong tunay na mapitagan doon, magsisimula itong . . . Kung lumihis ang sinuman sa ayos sa isang iglesya, sasabihin ito kaagad ng Espiritu Santo at sasabihin sa kanila kung sino ito. At doon, madarama nila—madarama nila na sila’y pinagsasabihan at dapat na dumulog sa altar. Para roon ang mga kaloob na ’yan.

⁹ At ang makita ang ating pastor dito, si Kapatid na Neville, isa siyang mahiyain, na kimi ang ugali na ginoo. At sinasabi ko sa inyo, siya’y . . . mistula ngang hindi ito kailanman eepekto sa kanya pagdating sa Pentecostes. Pero ang makita siyang tumintindig mismo’t nagsasalin ng iba’t ibang wika’t nagproposiya, sinasabi ko sa inyo, malayo na talaga ang narating niya. Tama. Ipanalangin po natin ang ating pastor.

¹⁰ At, kita n’yo, magsisimulang dumating ang mga kaloob sa iglesya. At ang isa pang munting, mapagpakumbabang kapatid na lalaki rito, narito siya, siya’y . . . siguro’y narito lang siya sa isang dako. Sa palagay ko nandito siya, lagi naman siyang narito. Napaka mapagpakumbaba niyang munting lalaki, dati siyang katiwala rito sa iglesya, si Kapatid na Higginbotham, isang minamahal, na maka-Diyos na lalaki. At ang makitang natanggap niya ang kaloob ng pagsasalita ng iba’t ibang wika, sinong mag-aakalang magagawa ’yun ni Kapatid na Higginbotham? Isang mahiyain, na kimi ang ugali na munting lalaki, na ayaw makilala, kahit saan, nananatili lamang sa likod. Pero, kita n’yo, maaaring kumuha ang Diyos ng isang taong tulad nun at gamitin siya, kita n’yo, dahil wala siyang pag-aambisyon na gawin ’yun, sa simula’t sapul. Kung inaambisyon niyang gawin ’yun, baka maging palalo’t hambog pa siya. Pero hangga’t dumadako siya sa dako kung saan di niya ambisyon na gawin ito, marahil magagamit siya ng Diyos sa ganoon.

¹¹ Nandito si Junie, siya’y . . . oh, nasa likod siya ng haligi mula rito sa akin.

¹² Sasabihin ko ito, narinig ko na ang maraming tao na nagsalita ng iba’t ibang wika. At sa palagay ko’y nanggagaling itong lahat sa Diyos, dahil sa hindi ka makagagawa ng isang tunog na wala itong kahulugan sa isang tao, saanman. Alam n’yo, sinasabi ng Biblia, “Walang tunog na walang kahalagahan,” ibig sabihin ay walang tunog na walang ibig sabihin na kung anong bagay. Hindi ka makagagawa ng anumang uri ng bigkas maliban na may ibig pakahulugan ito. Madalas kong naiisip kung papaano kaya ’yun hanggang sa nakapunta ako ng Aprika at narinig ang lahat ng mga ingay na ’yun, at nalaman ko pagkatapos na tinig pala ’yun ng kung sino. Kung minsan ito’y isang mala-anghel na tinig, at iba pa.

¹³ Pero si Junie Jackson, isang mahiyain, na kimi ang ugali, may pagka-walang kibo, na mangangaral sa lalawigan doon ng isang iglesyang Methodist, sa dakong ’yun—sa may Elizabeth,

Indiana, doon sa kakahuyan. Tahimik, hindi nagsasalita ng kahit ano, medyo kimi ang ugali, para bang siya . . . makikita ko kung minsan, gusto ko siyang balingan, alugin siya, sabihin, “Magsalita ka naman, Junie, kita mo, huwag kang maupo lang diyen na nakatingin sa akin nang ganyan.”

¹⁴ Mauupo kami sa isang pinagputulan ng punongkahoy dun sa kakahuyan, at mauupo siya roon at magsasabi, “Buweno, . . . sa palagay ko . . . ayos lang naman.”

¹⁵ Sasabihin ko naman, “Oh, Junie, pakiramdam ko—pakiramdam ko’y para bang ‘hayaan mong sabihin ko na’t para sa’yo rin naman ito,’ kita mo. Napakabagal mo—napakabagal mo para sa akin, kita mo.” At pinagkalooban siya ng Diyos ng isang—isang—isang kaloob ng pagsasalita ng iba’t ibang wika; wala na akong narinig pang mas liliwanag pang wika sa buong buhay ko. Kita n’yo?

¹⁶ Masdan n’yo ang Diyos sa loob ng iglesya. Nakita n’yo ’yung munting babaing nagsalita kaninang umaga na hindi nga nakikilala ’yung isa pang babae? At ’yung isa ay hindi kilala ’yung isa pa, at ang isang ito, ’yung tono ng tinig sa pagsasabi nun; at noong isalin ito, sa ganoon ding tono mismo, mga patinig, mga bantas; sadyang parehong-pareho, noong isinalin. At ang mensahe’y ganap, sa iglesya. Nakikita n’yo ba kung papaano ’yun? Ngayon, dapat nating pasalamatang ang Diyos. Ngayon, huwag mong iliyad ang dibdib mo. Kapag ginawa mo, inilalagapak mo ang sarili mo, at susunggaban ka ng diyablo. Kaya’t maging mapagpakumbaba lamang kayo; sabihin, “Oh Panginoon, panatilihin Mo po akong nakatago sa likod, huwag Mong kailanman akong hahayaang tumayo bago ang oras.”

¹⁷ Hindi Niya kailanman kayo hahayaang mawala sa ayos. Kung nagawa n’yo man, minsan, hindi ’yun—hindi na ’yun mahalaga. Kung nagawa n’yo man, aba’y, ang pastor dito ay—ay pagsasabihan kayo. Kita n’yo, ang—ang mga kaloob ay hindi dapat kasabay ng inyong . . . o kapag nangangaral kami. Karaniwan, kapag gumagana nang mabuti ang mga kaloob sa iglesya, papagtitipunin namin kayo nang matagal bago ’yung isa pang gawain; hahayaan mismo ang Panginoon na gumawa sa inyo roon, kita n’yo, dahil mangyari nga na sa bahaging ito ay hindi ito gagambala sa anumang paraan. Ngayon, habang nasa kongregasyon tayo, kung minsan kinakailangan n’yong magpigil nang sandali lamang. Anupa’t kung may isang mensahe ang Diyos, saanman ’yan o sa iba pa’y ilalabas at ilalabas Niya ito, kita n’yo, ipaubaya n’yo lamang sa Kanya, pero gawin n’yo ito ayon sa turo ng Biblia. At siguro’y magtuturo si Kapatid na Neville tungkol sa mga bagay na ’yan, anupa’t sisikapin naming gawin ’yan. Sisikapin kong tulungan siya hangga’t sa makakaya namin, magkatuwang kami, para ipahayag ito at ipakita sa inyo kung paano ito gagamitin.

18 Mabuti na ba ang pakiramdam mo, kapatid ko na taga-Poland? Mainam. Oh, pinagpala siya talaga ng Panginoon! Walong taon na ang nakalipas, sinabi sa kanyang may bagay na mangyayari. Gulong-gulo siya noon, isa pa naman siyang saradong trinitarian noon. At sinabi ng Panginoon, noong isang araw, “May isang lalaki na darating, may maitim siyang buhok at kulay-kapeng mga mata, medyo tabain. Huwag mo siyang tanggihan, pinapupunta Ko siya sa iyo.” Pinili ko ang isang Kasulatan sa dako kung saan siya mismo naguguluhan, haya’t ipinatong ang isang kapisasong papel at inilagay ito roon. Pagkalipas lamang ng ilang sandali ay heto na siya.

Sabi ng maybahay ko, “May lalaki roon sa labas na makikipagkita raw sa iyo.”

Sabi ko, “Siya na ’yun, sige’t papasukin mo siya.”

19 At sinabi niya—sinabi niya sa akin kung anong sinabi sa kanya sa . . . sa ilalim ng kasi ng Espiritu Santo. Kung papaanong noon pa ma’y naniniwala na siya at nanghahawakan sa Mensahe, at iba pa, sa gitna ng kanyang mga kamag-anakan; na bagamat binabatikos, nanatili siya mismo Rito. Sabi, kamakailan lang, sa pagtitipon, ay kinausap ko raw siya at tinawag ang kanyang pangalan. At kung papaano ko nabigkas ang pangalan na ’yun, hindi ko alam. Sabi niya kinailangan ko pa raw na—na baybayin ’yun, o kung ano, doon sa pagtitipon. Sabi niya karga-karga niya raw ang isang sanggol sa kanyang bisig na maraming butlig-butlig sa mukha nito, at ang sabi’y nalinis nang buo ang munting sanggol, talagang lubusan. At kung papaanong ang Panginoon . . .

20 At sabi ko, “Buweno, ang bagay na kailangan mo ngayon ay pumunta ka roon sa simbahan at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo.”

21 Nakasalubong ko siya kamakailan lang sa ibabaw ng bundok, dahil bumaba raw siya, na nabautismuhan na sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ngayon lubos na siyang nasisiyahan, mabuti ang pakiramdam, pauwi na. Sana’y maging interpreter ko siya sa Poland isa sa mga araw na ito, at sa Alemanya, at sa, doon po sa mga lugar na ’yun doon. Pagpalain ka ng Panginoon, kapatid ko.

22 Napakaraming saganang mga bagay ang ginagawa ng ating Panginoon! Haya’t ang makita lamang ang Kanyang—Kanyang kahabagan, kung papaanong mula silangan, kanluran, hilaga, at timog, ay pinangungunahan Niya ang Kanyang mga minamahal na anak; pinagsasama-sama, binubunot, tinatagtag. Napakaraming kailangang sabihin!

23 Ngayon, huwag n’yong kalimutan, sa susunod na Linggo ng gabi, loobin ng ating Panginoon, sa susunod na Linggo ng gabi, magkakaroon tayo ng . . . sa susunod na Linggo ng umaga pala, ng isang gawain ng pagpapagalang. Ang dahilan kung bakit

sinasabi ko ang tungkol dun, dahil siguro kung napakarami ang pupunta para sa Linggo ng umaga mayroon akong Linggo ng gabi na aasahan, kita n'yo. Pero kung matapos ko silang lahat ng Linggo ng umaga, buweno, mainam.

²⁴ Ang Miyerkules ng gabi ay kalagitnaan ng linggong pagtitipon para sa pananalangin. Ngayon kayo na mga tagarito lamang, magtipon kayo na mga kapatid dito, tayo'y magdadaos ng pagtitipon para sa pananalangin. Huwag n'yong kaligtaan 'yun, manatili kayo rito, kita n'yo. At manalangin, sikapin n'yong higit na mapalapit sa Diyos. Huwag n'yong kailanman hahayaang magkaroon ng panatisismo sa gitna ninyo. Manatili. . . Higit ang katotohanan para tanggapin pa ang mali, kita n'yo, huwag—huwag kayong pumanig sa mali. Manatiling wasto.

²⁵ Narinig ko ang isang pamilyar na “Amen” ngayon lang na matagal ko nang naririnig nang maraming taon, si Kapatid na Russel Creech. Sinasabi nila sa akin na si Patty 'yung nagsasalita ng iba't ibang wika diyan noong isang gabi. Patty, nasaan ka? Narito ka ba, iha? Oo, grabe, hindi ko na siya makikilala kung makita ko siya. Anupa't sa pagkakatanda ko'y kinarga ko lang noon ang batang 'yun sa mga bisig ko at inihandog siya sa Panginoon, dito mismo. “At isa na siyang dalaga,” sabi ni Meda, “isa na itong kabataan, maganda't, batang dalagita,” na kamit ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, nagsasalita sa. . . Russell, isa kang mayamang lalaki. Oo, ikaw nga.

²⁶ Nasaan si Kapatid na babaing Creech? Hindi ko pa siya nakita. Narito ba siya? Diyan sa likod. Oh, Kapatid na babaing Creech, ganoon na lamang ang pasasalamat ko na pinagkalooban ka ng Diyos ng isang anak na katulad n'yan, aba, hindi mo matanto kung gaanong—gaanong kalaki ang pasasalamat. Sa panahon kung saan ang mga kabataang babae ay naghahagikgikan at naghahalakhakan at kung anu-ano pang pinaggagagawa, alam n'yo, na kung anu-anong bagay na walang kabuluhan kasama ang mga kalalaking ito, na akala mo'y may nakapatong na itik sa ulo ang gupit at lahat na, at gaya nun; at ang munting batang ito rito ay may kapangyarihan ng Espiritu Santo, nagsasalita ng iba't ibang wika rito. Oh, grabe!

²⁷ Hmm! Ilang kalalaking ngayong gabi, mga mangangaral na Pentecostal, ang nagnanais na ibigay ang buong buhay nila makikita lamang nila ang kanilang dalagitang anak, na mga naroon na sa rock-and-roll na kasiyahan, na ganoon ang mainam na gawin.

²⁸ Sadyang—sadyang pahalagahan mo 'yan, kapatid. Alam ko ang ginagawa mo roon sa Interstate, ginawa ko na rin ang parehong bagay, nagtrabaho nang maraming mahihirap na araw, pero, kapatid. . . para mapalaki sila na mga bata. Pero

tandaan mo, ang Diyos ay tapat, nagbibigay Siya ng gantimpala. Oo, tunay! “Ako ay magbibigay-gantimpala.”

²⁹ Pagpalain ka ng Diyos, Patty. Iha, hindi kita—hindi kita makikilala kahit nakita pa kita, sa palagay ko, pero huwag mong kailanman iiwan ang daang matuwid na 'yan, iha. Huwag mong hahayaang magpain ang diyablo ng anumang—anumang bagay sa iyo, gaya ng isang magandang ginintuang mansanas, dahil magiging isang limon 'yun, kita mo. Bitawan mo ang bagay na 'yun at iwanan mo ito nang ganoon. Ituon mo ang iyong mga mata mismo kay Cristo, doon mismo sa Krus. At magpatuloy ka na sumulong, dahil malapit na ang oras. Kita mo?

³⁰ Napakaraming tagubilin mismo ang masasabi ko, na mga pagpapala ng Diyos. Marami akong hindi nadalaw, at sa buong sanlinggong ito ay hindi ko pa naipanalangin ang higit sa limampung katao, sa palagay ko, at ang mga detalye, at mga agarang pangyayari na hindi inaasahan at kung anong bagay na biglaan ang dating, at iba pa, pero naging abala ako sa pag-aaral. Pero ngayon, sa susunod na Linggo, ipapanalangin natin ang mga tao, at hihilingin sa Panginoon na bumaba't pagkalooban tayo ng dakilang kapangyarihan, at ihayag ang Kanyang Sarili sa atin sa susunod na Linggo ng umaga, loobin ng Panginoon.

³¹ Oh, sadyang ayaw ko sanang magsimula sa kapanahunang ito ng iglesya dahil alam kong ito na ang huli sa mga 'yan. At ngayon, dito, ay ang—ang pagtatapos ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Nasiyahan ba kayo rito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, tandaan n'yo, sinasabi ko ito sa huli gaya ng sinabi ko sa simula, maaaring maraming bagay, maaaring maraming bagay na kayo'y mariin na tutol sa akin, pero huwag n'yo itong ikagalit laban sa akin, kita n'yo, mahal n'yo lamang ako, ano't anuman, dahil walang magiging anumang pagkakaiba kung anong gagawin n'yo o kung anong sasabihin n'yo, pareho pa rin ang pagtingin ko sa inyo; kung mayroon man, ay higit pa, kita n'yo, kung mayroon man, ay higit ko pa kayong isinasaalang-alang. Anupa't mahal ko kayo, alam ng Diyos 'yan, walang tao ang makatatawag sa Pangalan ni Jesus Cristo na hindi ko mamahalin. Kita n'yo?

³² At hindig-hindi ko gusto ang anumang kapaitan o panlalamig ng kalooban, kahit na marahil mariin tayo na dimagkasundo. Kung nakaupo tayo sa isang mesa at kumakain ang isa ng isang klase ng pie, at ang isa nama'y, iba, 'yun nga'y pareho lamang dito, kita n'yo. Pagdating sa pakikisama sa isa't isa, mahal natin ang isa't isa. At kung hindi natin ginagawa 'yun, kung gayon ay dapat nating gawin 'yun. At kung . . . hindi nga tayo makapagpapatuloy na sumulong sa Diyos hangga't gawin natin 'yun.

³³ Basta huwag n'yong kalimutan, huwag n'yong kalimutan na ang pinakadakilang kaloob sa lahat ng mga kaloob ay pag-ibig.

“Gayong ako’y makapagsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, ibigay ko man ang aking katawan upang sunugin bilang hain, gayong maunawaan ko ang lahat ng kaalaman, at iba pa, wala pa rin akong kabuluhan. Kaya. . . Subalit kapag ang sakdal, ang pag-ibig. . .” Kung ang lahat ng mga espirituwal na kaloob ay hindi nababalot sa pag-ibig, hindi ito mananatili. Ang anumang iba pang lusong ay masisira, “Ngunit ang pag-ibig ay nagpapatuloy magpakailanman.” Kita n’yo, ’yan ang Unang Corinto 13.

³⁴ Ngayon, sa gabing ito, sa pagpasok sa dakilang kapanahunang ito ng iglesia. Oh, grabe! Ngayon, baka umabot tayo nang mga nasa sangkapat na oras pagkatapos (ngayong gabi) ng alas nuwebe. At ngayon talagang ikinalulungkot ko na wala tayong sapat na lugar, pero. . . upang mapapuwesto ang lahat, o mapaupo ang lahat, ang ibig kong sabihin, pero wala talaga tayong sapat na espasyo, at siguro’y balang araw ay magkakaroon na tayo.

³⁵ Pero ngayon ay nais kong humingi sa inyo ng pabor. Nakikita n’yo ang paninindigan ko at alam n’yo kung ano ang magiging halaga nito sa akin balang araw, kita n’yo, at malapit na ang oras. Kita n’yo? Ngayon, gusto kong gawin n’yo ito, lagi n’yo akong ipanalangin. At tandaan n’yo, naging tapat ako sa abot ng nalalaman kong pagtatapat, kita n’yo. At napagtatanto ko na hindi na ako bata, limampu’t isang taong gulang na ako. At ako—ako kapag ang aking. . . Hindi ako puwedeng lumisan hanggang sa tawagin na ako ng Diyos. At lilisan ako sa paraang gusto Niyang tahakin ko, at ’yun na ’yun. Kita n’yo? Pero kailangan kong maging tapat at sabihin ang Katotohanan, ano’t anumang. Kaya alam kong ito’y isang malungkot na paglalakad kung minsan, pero hangga’t kasama mo Siya, ano naman? Kita n’yo?

³⁶ Ngayon, bago tayo pumasok sa dakilang kapanahunan ng iglesia na ito, maaari kaya tayong tumayo ngayon para sa pananalangin, kahit sandali lang muli. Makakapagunat-unat kayo at bubuti ang pakiramdam. Mamaya sa pagtatapos ng gawain, mayroon bang. . . Ilan ba rito ang nagnanais na maalaala sa harap ng Diyos? Itaas lamang n’yo ang inyong mga kamay sa Diyos, “Alalahanin Mo ako, Oh Panginoon, sa katapusan ng panahon. Kapag tapos na ang buhay, alalahanin Mo po ako.”

³⁷ Ama naming Makalangit, wala kaming sapat na mga wika upang ipahayag ang aming pasasalamat para sa Presensya ng buhay na Diyos na napasa kalagitnaan namin nitong huling sanlinggo, para sa mga bagay na natutunan namin tungkol sa Iyo, kung papaano Mo inihayag ang Iyong Sarili sa amin sa pagdaan ng panahon, at kung papaano Mo ginawang napakalinaw sa amin ang Iyong Salita. Ganoon na lamang na Ikaw po’y aming hinintay, at ganoon mismo ang aming—aming pagsisikap na ipahayag ang aming pag-ibig, at nabigo

namang gawin ito, Panginoon, dahil hindi 'yun kayang gawin ng mga dilang mortal. Na i- . . . na kami'y iniligtas, at Iyong . . . sa pagbibigay sa amin ng pagkagutom para sa Iyo. Dahil nasusulat sa Salita, "Mapapalad ang mga nagugutom," (anupa't ang magutom lamang, isa nang pagpapala) "nagugutom at nauuhaw sa katuwiran." Pagkatapos ay Iyong sinabi ang dakilang pahayag na 'yun, "Sapagkat sila'y bubusugin!" Ngayon, sumasampalataya kami riyan, Panginoon. Patawarin Mo po kami sa aming mga pagkukulang.

³⁸ At sa pagpasok namin ngayong gabi sa . . . dito sa huling kapanahunan ng iglesya, ang Laodicea, pagkatapos naming makita ang mga Kasulatan at tumama nang eksakto ang kasaysayan sa bawat pagkakataon. Kaya po, Ama, batid namin ang pahayag mula sa Iyong dakilang propesiya rito, tungkol dito sa huling kapanahunan, ito'y magiging ganoon din sa iba pang anim na kapanahunan. Ama, dalangin ko na ipahintulot Mong dumating sa amin ang Espiritu Santo ngayong gabi, ngayon, at pagpalain Mo kami habang patuloy kaming naghihintay sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen. Makakaupo na kayo.

³⁹ Kung loobin ng Panginoon, ang aklat ay . . . sa lalong madaling panahon na makakaya natin. Hinahango na ito ni Kapatid na Leo mula sa magnetikong teyp, para isalang na sa . . . gagawan na ng steno, tapos mula doon ay isasalang na sa pagmamakinilya, pagkatapos ay sa libro na.

⁴⁰ At siya nga pala, malapit nang magkaroon ng libro si Rosella, *Isang Alkoholiko Na Naligtas*. Lahat kayo'y tanda n'yo ang kanyang kuwento, kung papaano siya tinawag ng Espiritu Santo sa pagtitipon. At siya ay . . . sinukuan na ng apat sa pinaka malalaking institusyon para sa mga lulong sa alak, at tinanggihan na sa mga ospital sa Chicago. At ang Panginoong Jesus, sa isang iglap lang, ay iwinaksi itong lahat sa kanya. Bumibisi-bisita siya mula sa bilangguan papunta sa ibang mga lugar, sinasabi sa mga tao kung papaanong may kakayahan ang Diyos na magpalaya, na nakikipag-usap sa mga lulong sa alak at iba pa. Siya ay naging . . . sa pamamagitan ng kanyang patotoo, nakapag-akay na ng maraming tao patungo kay Cristo.

⁴¹ Ngayon, ang unang kapanahunan ng iglesya, masasabi n'yo ba sa akin kung ano 'yun? Efeso. Pangalawa? Smirna. Pangatlo? Pergamo. Pang-apat? Tiatira. Panglima? Sardis. Pang-anim? Filadelfia. Pampito? Laodicea.

⁴² Ang una ay mula A.D. 55 hanggang 170, Efeso. Smirna, 170 hanggang 312. Pergamo, 312 hanggang 606. Tiatira, 606 hanggang '520. Sardis, '520 hanggang 1750. Filadelfia, 1750 hanggang sais . . . '06; ngayon, nagsimula rito ang kapanahunan ng Laodicea, lumawig, at kagabi ay natalakay natin 'yung bahagyang paglawig sa kasunod na panahon. Ngayon, ngayong

gabi'y atin nang, talakayin ang dulong kasunod haya't ang Laodicea.

43 Naniniwala tayo na ang iglesia ng Laodicea ay nagsimula noong A.D. 1906. Ang hula ko . . . Ngayon, alalahanin n'yo, "hula," lalo na po sa inyo na nakikinig sa teyp. Hindi ko sinasabing mangyayari ito, kundi hula ko na magtatapos ito ng 1977, na ang iglesia ay ganap na mauwi sa apostasiya at siya'y isusuka sa bibig ng Diyos. At ang Ikalawang Pagparito, o ang Pag-agaw ni Cristo, ay maaaring dumating anumang oras. Ngayon, maaaring lagpas ako roon ng isang taon, maaaring lagpas ako ng dalawampung taon, maaaring lagpas ako ng sandaang taon. Hindi ko alam kung saang dako ito. . . Pero akin lamang hula ito ayon sa isang pangitain na ipinakita Niya sa akin, at sa pagsasaalang-alang sa panahon, sa paraan ng progreso nito, masasabi kong ito'y nasa pagitan ng '33 at '77. O kaya naman—o kaya naman, ang dakilang bansang ito'y sasabak sa isang digmaan na magpapahamak dito, kita n'yo. Ngayon medyo malapit na 'yun, napakalapit na. At maaaring mali ako, akin lamang hinuhula ito. Nauunawaan ba ng lahat? Sabihin n'yo, "Amen," kung nauunawaan n'yo. [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo?

44 Pero ipinakita sa akin ng Panginoon ang isang pangitain tungkol sa tanyag na makapangyarihang babae, noong '33, 1933, nasa papel ito. Tungkol sa kung papaanong "si Roosevelt ay magdudulot . . . naging daan siya para ang daigdig ay magkaroon ng digmaan." Kung papaanong "Isasagawa ni Mussolini ang kanyang unang pagsalakay sa Ethiopia at sasakupin niya ito, pero hahantong siya sa isang kahiya-hiyang wakas." At kung papaanong "Pagkatapos haya't ang tatlong ismo: ang Nazismo, Fascismo, at Komunismo, ay mauuwing lahat sa Komunismo." At ilan dito ang nakakaalala na paulit-ulit kong, pinatayo kayo, at paulit-ulit kong sinasabi, sinabi ko sa inyo, "Matyagan n'yo ang Rusya! Matyagan n'yo ang Rusya, ang hari ng Hilaga! Matyagan n'yo ang Rusya, ang hari ng Hilaga! Matyagan n'yo ang Rusya, ang hari ng Hilaga!"? Ilan ang nakarinig na sinabi ko 'yun, na pinaulit-ulit ko 'yun, nang ilang ulit? Sa mga datihan na, nakita n'yo, noong nagpapasimula pa lang noon ang iglesia. Tumayo mismo ako roon at pinaulit-ulit ko ito, "Matyagan n'yo ang Rusya, ang hari ng Hilaga! Kita n'yo, kung ano ang gagawin niya, dahil lahat nung mga ismong 'yun ay mabubunton sa Rusya."

45 Tapos sabi ko, haya't "Ang bansang ito'y makikipagdigma sa Alemanya sa huli. At ang Alemanya'y tatayuan ng isang kongkretong pader." At 'yun ang Maginot Line, labing-isang taon bago pa man sinimulan na itayo ito, labing-isang taon bago ito. At sinabi ko, "Ang mga Amerikano'y magkakaroon ng isang matinding pakikipagbakkaban sa linyang 'yun." Ang ilan sa mga kapatid dito'y nakaranas na maparoon sa linyang

'yun, si Kapatid na Roy Roberson at sila; tanungin n'yo sila kung ano ang nangyari noon. Naroon talaga sila. Buweno. "Pero sa huli," sabi ko, "malalampasan natin 'yun at magiging isa sa magtatagumpay sa digmaan sa pagitan natin at ng Alemanya."

⁴⁶ Ngayon, sabi ko, "Pagkatapos ng panahong 'yun, ay uunlad nang husto ang siyensiya." Umunlad nga sila, gumawa sila ng bomba atomika't lahat na. Sabi ko, "Sa kanilang pag-unlad, gagawa sila ng isang... ang mga kotse'y magsisimulang maghugis-itlog." At naaalala n'yo 'yung malaking sinaunang takip ng makina ng awto noong 1933, 'yung malaking likod nun ay bumababa nang paganito, na 'yung ekstrang gulong ay nasa likod nun? Tingnan n'yo kung papaano na ang ayos nito ngayon, kita n'yo: pinahusay mismo ang disenyo, kita n'yo, naging parang hugis-itlog na. At sinabi ko, "Sa huli'y mag-iimbento sila ng kotse na hindi na nila kailangang magkaroon ng manibela. Nakita ko ang isang pamilya na naglalakbay sa... Tinatawag n'yong, 'kalsada,' sa isang kotse na ang ibabaw ay salamin, naglalakiha't naggagandahang kalsada at magarang kotse. At nakaupo sila, magkaharapan sa isa't isa, at tumatakbo ang kotse nang kusa, nagpapasikot-sikot mismo sa mga kurbada't lahat na." At mayroon na sila nung kotse ngayon mismo, naimbento na ito. Mayroon na sila nung kotseng 'yun. At sinabi ko pagkatapos, "Oh, ganoon na lamang na uunlad ang siyensiya sa panahong 'yun!"

⁴⁷ Sabi ko, "Tapos nakita ko ang isang... Pahihintulutan nila ang kababaihan at papayagan na ang kababaihan na bumoto. At sa pagboto nila, maling tao ang ihahalal nila isa sa mga araw na ito." At ganoon nga ang ginawa n'yo nitong nakaraang eleksyon. Ang mga boto ng babae ang naghalal kay Kennedy. Alam natin 'yun, kita n'yo, kalakip na roon 'yung mga mandarayang makina't mga bagay na planado na, na inilantad ng FBI. At paano magagawa ng sinuman... Bakit wala silang gawin ukol dun? Bakit walang nagsasalita ng anuman? Hah! Natatakot sila na mawalan ng trabaho. Kita n'yo, ito'y isang bunton lamang ng pamumulitika, bulok na bulok hanggang sa kaibuturan. Ganoon mismo. Tunay!

⁴⁸ Walang—walang... walang, pasensya na po. Walang kaligtasan sa bansang ito, walang kaligtasan sa alinmang bansa. Ang kaligtasan ay nakay Jesus Cristo at sa Kanya lamang! Uh-huh! Tama 'yan. Ngayon, nagpapasalamat ako para sa Amerika. Mas gugustuhin kong manirahan dito kaysa sa alinmang lugar sa mundo, dahil... sa labas ng Canada. Ang Canada at ang Estados Unidos ay kambal, alam natin 'yun, magkalapit na mga bansa, magandang lugar, pero ako—naniniwala ako na mas gugustuhin kong manirahan dito kaysa sa kahit saan na alam ko, dahil ito ang aking tahanan. Ikinagagalak kong isa akong Amerikano, at nagpapasalamat ako para rito. Pero sinasabi ko sa inyo, talagang nangangailangan ito ng pagbabalik-rebaybal,

talagang kailangan nga nito. At hindi nito matatamo! Hindi, na. Hindi na siya muling babangon pa! Hindi, na. Wala na siya! Alalahanin n'yo, mga limang taon na ang nakalilipas sa Chicago, haya't nasa teyp po 'yan. Nairekord mo 'yun, Gene. Sabi ko, "Alinman sa tatanggapin nila Ito ngayong taon, o magpapatuloy sila sa pagbulusok pababa." At gagawin nila ito, kita n'yo, at gagawin nila ito hanggang sa wakas ay kaharapin niya ang kanyang wakas.

⁴⁹ Anupa't magkakaroon ng isang makapangyarihang babae! Ngayon, tandaan n'yo! Nasa teyp din ito. Isang makapangyarihang babae, dakilang babae, siya'y maaaring maging Pangulo, o ito'y isang babae na kumakatawan sa iglesyang Katoliko (na sa palagay ko'y ganoon nga) na luluklok dito balang araw at pamumunuan niya ang bansang ito. Ang bansang ito'y bansa ng babae. Isang babae ang gumawa ng bandila, ito'y bilang na labing-tatlo. Nagsimula siya, na labing-tatlong bituwin, labing-tatlong guhit, labing-tatlong kolonya. Ang lahat ay labing-tatlo, labing-tatlo, labing-tatlo, lahat mismo. Labing-tatlong bituwin sa kanyang pilak-na-dolyar ngayon. Ang lahat ay labing-tatlo. Ito'y bilang na labing-tatlo, at makikita sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis. Ganap na labing-tatlo! Lahat ay "babae, babae, babae, babae, babae," lahat mismo. At sinakop na niya ang lahat ng mga katungkulan. Sinakop niya ang Hollywood. Sinakop niya ang mga bansa. Sinakop niya ang mga katungkulan. Inokupahan na niya ang lahat ng mayroon; pantay na ang karapatan sa lalaki, bumoboto kasama ng lalaki, nagmumura na parang lalaki, uminom na parang lalaki, anumang iba pa. At sadyang pain siya para sa simbahang Katoliko, para sa pagsamba sa isang babae! Sumasamba na nga sila sa babae, kung papaano man.

⁵⁰ Siya ang pinakamahasay. . . Ang isang babaing imoral ay ang pinakamahasay na pain ng diyablo kailanman. Mas masahol pa siya kaysa sa lahat ng mga bahay-inuman na mayroon kailanman. Kaya niyang magpadala ng mas maraming kaluluwa patungong impyerno kaysa sa lahat ng mga bahay-inuman sa bansa. Siyanga.

⁵¹ "Ang isang mabuting babae'y isang hiyas sa putong ng isang lalaki," sabi ng pinaka matalinong tao sa mundo. Dapat na parangalan ng lalaki ang isang mabuting babae, kita n'yo. "Ngunit ang masama'y tubig sa kanyang dugo," at ang kanyang dugo'y ang kanyang buhay. Kayong mga lalaking may mabubuting asawa, hindi n'yo alam kung gaano kayong dapat magpasalamat sa Diyos dahil sa isang mabuting asawa! Dahil kung maaaring makapagbigay ang Diyos sa isang lalaki ng anumang mas mainam bilang isang katuwang, ginawa na sana Niya ito. Anupa't ang isang babae ang pinaka mainam na katuwang na maibibigay ng Diyos sa isang lalaki. Pero noong bumaling sila . . .

52 Siya 'yung nasa halamanan ng Eden na pinili ni Satanas bilang kanyang kasangkapan. Hindi niya pinili ang lalaki, ang babae ang pinunteryang niya. Bakit hindi siya pumunta kay Adan para sa lalaki ibigay ang mga simbuyo ng damdamin? Lumapit siya sa babae at ibinigay sa kanya, kita n'yo, dahil 'yun ang pinili niya. Pinili ng Diyos ang lalaki, at pinili ni Satanas ang babae.

53 At tumanaw mismo, at sa dulo... Noong naitatag ang Babilonia sa simula, ang *Two Babylons* ni Hislop, isang babae! Pagdating nito sa kapanahunan; ngayon ay nagtatapos na ito sa kapanahunan ng mga Gentil. Nagsimula ang Babilonia nang ganon, at nagtatapos ito sa isang pagsamba sa babae (kay Maria) sa simbahan. Grabe talaga itong araw na ating kinabubuhayan!

54 Ngayon, ang *Laodicea*, ang—ang kapanahunan ng Laodicea, ang ibig sabihin ng salitang ito'y "maligamgam." Nagkamit ito ng higit na kayamanan, at inaakala niyang hindi na siya nangangailangan ng kahit ano. Pero sinasabi ng Biblia na siya'y "aba, bulag, kahabag-habag, at hubad." Kalunus-lunos na kondisyon!

55 Ang gantimpala sa kanila na magtatagumpay sa kapanahunang ito ng iglesya, ay ang "maupo sa luklukan kasama ng Panginoon."

56 Ngayon, ang bituwin, o anghel, o mensahero ng kapanahunan ng iglesyang ito, ay hindi kilala.

57 Ngayon, ang mensahero sa unang kapanahunan ng iglesya, sino 'yun? Si Pablo, Efeso. Smirna? Si Ireneo. Pergamo? Si San Martin. Tiatira? Si Columba. Sardis? Si Luther. Filadelfia? Si Wesley. At sa...dito sa Laodicea, hindi pa natin alam, at marahil hindi natin malalaman hanggang sa ganap na matapos ito.

58 Pero gusto kong magsaysay kung magiging ano kaya ang anghel na ito, kung ano ang hinahanap natin. Ayos lang po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Dahil kaunti lang ang oras natin, nagsulat lang ako ng kaunting tala dito kung ano ang nasa isip ko.

59 Ang anghel ng iglesyang ito ng Laodicea, para tapusin ito. Ngayon, siya'y lilitaw sa dulo ng kapanahunan, tulad ng iba pa sa kanila, tulad sa Biblia. Siya'y magiging nasa dulo na ng kapanahunan. Hindi sa una nito, kundi sa dulo nito, dahil laging dumarating ang anghel para magsaway sa...kanila sa bagay na kanilang ginawa. "Sa—sa anghel ng iglesya ng Laodicea ay isulat mo ang mga bagay na ito."

60 Kita n'yo, "Sa anghel ng iglesya ng Smirna ay isulat mo ang mga bagay na ito." Kita n'yo, ang bawat isa ay para sa anghel sa dulo ng kapanahunan. Si Pablo, sa dulo ng kapanahunan. At patugaygay, sa dulo ng kapanahunan. Yaong paglalawig, sa dulo ng kapanahunan. Dulo ng kapanahunan, 'yun ang nagbubunsod

ng paglawig dun. Kita n'yo, "Sa anghel," sinasalita kung ano ang nasa nakaraan. Lumawig ito rito, "Sa anghel," sa dulo ng kapanahunang 'yun. Kita n'yo, nagpapatuloy rito mismo, nagawa ang pagsasanib na parang mga hagdan paakyat, ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya.

⁶¹ Ngayon, itong anghel na darating sa araw na ito, gusto kong... May nakasulat ako rito, gusto ko lang basahin. Pero makikilala siya sa huling bahagi ng kapanahunan. At dahil napakalapit na natin doon—napakalapit na roon sa kapanahunan ng Liwanag na 'yun, marahil ay nasa lupa na siya ngayon. Kita n'yo, hindi siya kilala. Siya'y magiging isang—isang magiting na propeta na tatanggihan ng daigdig ng mga iglesya, sapagkat sila'y magpapatuloy sa kanilang mga kasalanan at sa huli'y iluluwa mula sa bibig ng Diyos, mula sa bibig ng Presensya ng Diyos.

⁶² Naniniwala ako na ito'y magiging isa na katulad ni Elias. Ibibigay ko ang aking mga dahilan kung bakit. Ngayon, bumuklat lamang tayo rito sa Aklat ni Malakias, pansumandali, Ibibigay ko sa inyo kung bakit sa tingin ko isa itong pinahiran ng Espiritu ni Elias. Ngayon, nais kong isuot n'yo ang inyong—ang iyong pamandong ng biyaya ngayon. Malakias, sa ika-4 na kabanata. Ngayon, makinig po habang nagbabasa ako, at kayo sa inyong Biblia. Ngayon, pag-isipan n'yong mabuti ngayon para sa susunod na ilang minuto, ngayon, bago tayo dumako sa kapanahunan ng iglesya.

Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, oo, . . . ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang mga dayami: at ang araw na dumarating na susunog sa kanila, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at na anopa't hindi magiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.

⁶³ Ano ang sinasabi Niya? Siya ay nagsasalita tungkol sa isang araw na darating. Sang-ayon ba kayo roon? Sa isang araw ng pagparito ng Panginoon.

Nguni't sa inyo . . .

⁶⁴ Ngayon masdan n'yo, ngayon nagsasalita Siya sa Israel. Ngayon, ano ang sinabi Niya? "Sapagkat, narito, ang araw ay dumarating (sa dako pa roon) na nagniningas."

Nguni't sa inyo na nangatakat sa aking pangalan . . . sisikat ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak; at kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silungan.

At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa- . . . kaarawan na aking gawin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. (Hindi . . . Haya't sa araw na

susunugin Niya ang lupa, tatapakan natin ang kanilang mga abo. Yan po ang Milenyum, siyanga, kita n'yo.)

Alalahanin . . . ang kautusan ni Moises na aking lingkod na aking iniutos . . . sa kaniya sa Horeb para sa buong kay Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at mga kahatulan.

Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating . . . at ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON:

At kaniyang papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga puso ng mga anak sa mga magulang, baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.

Ang pagtatapos ng Lumang Tipan.

⁶⁵ Ngayon, sabi ni Jesus . . . Mateo 17:10, na nangungusap tungkol dito. Naghihintay ang lahat ng mga Judio para dun sa darating na Elias. Ngayon, masdan n'yo kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol dito, Mateo 17:10. Simulan natin sa ika-9 na talata, Mateo 17:9:

At habang sila'y nagsisibaba mula sa bundok, ay iniutos sa kanila ni Jesus, na nagsasabi, Huwag ninyong sabihin kanino mang tao ang . . . Huwag ninyong sabihin kanino mang tao ang pangitain, (Kita n'yo, "Huwag n'yong sasabihin ito. Alam n'yo ito, ngunit ilihim n'yo ito.") . . . Huwag sabihin sa sinuman ang pangitain, hanggang sa ang Anak ng tao ay ibangon . . . sa mga patay. Huwag n'yong itong ipagsabi.

At tinanong siya ng kaniyang mga alagad, na nangagsasabi, Bakit nga sinabi ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna si Elias? Bakit kailangang dumating muna si Elias bago dumating itong Cristo, ang Araw ng katuwiran? Bakit nila nasabi ito? Heto't, narito Ka na, at sinabi ng mga eskriba na—na mauuna si Elias.

Ngayon, masdan n'yo:

At sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Katotohanang si Elias ay paririto, mauuna, at isasauli ang lahat ng mga bagay.

Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at hindi ninyo siya nakilala, (Kita n'yo, hindi Niya sinabi kung sino siya, kita n'yo.) kundi ginawa nila sa kaniya ang anomang inyong inibig. Gayon din naman ang Anak ng tao ay magbabata sa kanila.

Nang magkagayo'y napagunawa ng mga alagad na si Juan Bautista ang sa kanila'y sinasabi niya. (Ngayon—

ngayon, si Juan Bautista ang Elias na sinaysay noon na darating.)

⁶⁶ Ngayon masdan n'yo, babalik ako sa ika-4 na kabanata ng Malakias, muli. Ngayon alalahanin, sinabi Niya 'yan dito "Bago dumating ang dakila't maringal, na kakila-kilabot na Araw ng Panginoon, susuguin Ko sa inyo si Elias na propeta." Sa ika-5 talata:

Ngunit aking susuguin sa inyo...ang propeta... aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng... [Sinasabi ng kongregasyon, "PANGINOON."—Pat.]

⁶⁷ Ano ang makikita natin "sa Araw ng Panginoon"? Sa katapusan ng kapanahunan! Yun ang panahon kung kailan masusunog ang mundo. Naaalala n'yo kung papaano natin Siya tinalakay na nakasuot ng puting peluka, alam n'yo, at—at ang Kanyang dibdib, at nabibigkisan sa may dibdib. Naalala n'yo ba 'yun? At pinatunayan natin sa pamamagitan ng Biblia, na hindi 'yun araw ng *sabbath* o *Linggo*, 'yun nga'y ang Araw ng Panginoon. Tama ba? At 'yun ang araw na Siya'y darating bilang isang Tagahatol, "At sasaktan ang lupa ng isang sumpa." Tama ba?

At aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON:

⁶⁸ Ngayon, masdan n'yo ang langkapang pagdating ni Elias. Ngayon, kung mapapansin n'yo, ang buong Kasulatan ay may langkapang kahulugan, "Ngunit Ito ay ikinubli sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at ipinahayag sa mga sanggol na matututo pa." Hindi ba't naniniwala kayo riyang? Ngayon, hawakan n'yo lang diyang ang Malakias 4.

⁶⁹ At ngayon bumuklat tayo pabalik sa Mateo 2 nang ilang saglit, sige't sa kabila lang ng pahina, Mateo 2. Sa palagay ko Lucas 2 pala ang ibig kong sabihin sa halip na Mateo 2. Isinulat ko ito rito, pero nagmamadali lang kasi ako kanina, at ang Espiritu Santo'y nasa sa akin sa loob ng silid kanina at sadyang nagtatamasa ako ng maluwalhating panahon. Kaya ang ibig kong sabihin... 2, tingnan natin kung ito na 'yun. Ngayon, hayaan n'yong siyasatin ko lang dito pansumandali. Mateo 2? Hindi dun ang hinahanap ko, hindi nga ba? Ngayon, sandali lang, makukuha ko na ito nang... Bigyan n'yo lang ako ng kaunting oras dito dahil gusto kong tiyakin na makikita n'yo ito, na ang Kasulatan ay may langkapan na kahulugan Dito. *Ang Pagsamba ni Ana; Pagbabalik sa Nazaret; Ang Paskwa; Ang Pagmiministryo ni Juan.* Ngayon, titingnan ko lang kung ang ibig ko bang sabihin ay sa Lucas, nagbabasa ako sa isang lugar at... ang ibig ko—ang ibig ko palang sabihin ay Marcos sa halip na Lucas, baka nga sa Marcos. Pero ibig kong makuha n'yo ang

Kasulatang ito nang sa gayon—sa gayon malalaman n’yo na ito ay gawa ng Panginoon, na ginagawa Niya ito sa ganitong paraan. Ngayon, sasabihin ko sa iyo kung saan ako naghahanap, doon sa, “Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak.” Mayroon ba diyang may talaan ng bersikulo sa gilid ng pahina na mabilis na mapupuntahan ’yun o mahahanap ito? “Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak, tinawag Ko ang Aking anak.” Ngayon, sandali lang po.

⁷⁰ [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “Lucas 1:17.”—Pat.] Lucas 1:17. Salamat, kapatid. Tama, Lucas 1. Marcos. . . Lucas 1:17, sa halip na 2. Gusto kong kunin ang ika-14, diyang sa. . . Yun na nga ito, kapatid. Eksakto mismo, Lucas 1:17. Buweno. Ngayon, maaari n’yo na itong markahan. Ngayon, kung ano ito, mula ito sa mga pagpapala ng Panginoon, na ito’y pinagpala.

At magkakaroon ka ng ligaya at galak; at marami ang maliligaya sa pagkapanganak sa kaniya.

Sapagka’t siya’y magiging dakila sa paningin ng Panginoon, at siya’y hindi ininom ng alak ni matapang na inumin;

⁷¹ Ang lalaking ito na lilitaw ay tuturuan mula pa sa kanyang kapanganakan na huwag uminom o magkaroon man ng anumang kinalaman sa kasalanang gaya nun. Nauunawaan n’yo ba?

. . . at siya’y mapupuspos ng Espiritu Santo, mula pa sa tiyan ng kaniyang ina.

At marami sa mga anak ni Israel, ay papagbabaliking-loob niya sa Panginoon na kanilang Dios.

At siya’y lalakad sa unahan ng kaniyang mukha na may espiritu at ng kapangyarihan ni Elias, upang papagbaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga matuwid; at ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda.

⁷² Ngayon, napagtanto na natin na siya’y iprinopesiya, at si Juan ang taong ’yun! Tama ba? Si Juan ang Elias, ng araw na ’yun, na sinabing darating.

⁷³ Ngayon, alam din natin na kung minsan ay dalawang bagay ang ibig sabihin ng Kasulatan. Magsasabi ito ng isang bagay, tulad doon sa Mateo kung saan sinabi Nito, “Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak.” Buweno, naniniwala akong ’yun ang hinahanap ko, “Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak.” At pagkatapos ay kung tataluntunin n’yo ’yang “anak” na nabanggit diyang, Siya ay. . . hindi. . . Ito’y tumutugaygay pabalik sa Hosea, na hindi nangangahulugang si *Jesus*, na Kanyang Anak; ito’y—ito’y ang *Israel*, na Kanyang anak, “Mula sa Egipto ay tinawag Niya ang Israel.” Pero ito’y may isang

langkapang kahulugan at isang mas malawak na kaunawaan dito sa pagkakahulugan nito't ang tinutukoy ay ang tungkol sa—sa pagdating ni Jesus, na higit pa kaysa sa—kaysa sa Israel, noong tawagin Niya palabas ang Israel. Buweno.

⁷⁴ Ngayon, nakita rin natin na mayroong . . . sa Kanyang unang pagparito ay hindi sa Araw ng Panginoon. Tama ba? Ngayon, balik sa Malakias, ituwid muna natin ito, “Pagparito sa Araw ng Panginoon.” Ngayon, masdan n’yo ang Kanyang langkapang pagdating, ang Kanyang isang pagparito at ang Kanyang pangalawa. Naihanda n’yo na ba ang iyong espirituwal na pag-iisip? Ika-6 na talata ngayon, “Siya ay tiyak . . .”

. . . Kanyang *susuguin* . . . si *Elias* . . . bago . . . ang *dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON*:
(Tama ba?)

⁷⁵ Ngayon, napagtanto natin na hindi 'yun si Juan, dahil hindi pa ito ang kakila-kilabot na Araw ng Panginoon (ito nga ba?), at Kanyang . . . ni hindi rin Niya sinunog ang lupa. Kaya isang paunang pagtanaw sa hinaharap marahil ang ibig sabihin nito, o—o isang panibagong pagdating ni Juan sa hinaharap . . . o ni—ni Elias. Tama ba? Dahil sabi Niya, “Isusugo Ko si Elias, at susunugin Ko ang buong mundo, at sadyang lilinisin Ko ito, at lalakaran n’yo ang kanilang mga abo.” Yun ang Milenyum, alam natin 'yun. Matapos itong pasabugin ng bomba atomika na magpira-piraso, pagkatapos ay magkakaroon . . . maaayos ang lupa. At magkakaroon ng isang dakilang Araw dito sa lupa, at maghahari ang Iglesya kasama ni Jesus sa lupa sa loob ng isang libong taon. Tama ba? “Ngunit bago ang dakila't kakila-kilabot na Araw ng Panginoon, kapag ito'y pasasabugin na, isusugo Ko sa inyo si Elias na propeta.” Tama ba? Kaya hindi si Juan Bautista ang ibig sabihin nito sa ganoong kalagayan, dahil ang kakila-kilabot na Araw ng Panginoon ay hindi pa noon, anupa't dalawang libong taon mula roon. Tama ba?

⁷⁶ Ngayon, masdan n’yo ang susunod na talata. At kung magiging tunay na espirituwal kayo ngayon; ngayon, ito'y isang liham ng pag-ibig, at kailangan n’yong basahin ang nasa pagitan ng mga linya't saka ito maisasaayos. Alam n’yo na ang ibig kong sabihin. Alalahanin n’yo kung paano ko sinabi, ang Kasulatan, “Pinasalamatan ni Jesus ang Diyos sapagkat ikinubli Niya Ito sa mga pantas (sa mga mata) at matatalino, ipinahayag Ito sa mga sanggol.” Ngayon, madalas ko nang inilarawan ang tungkol sa aking asawa kapag sinusulatan niya ako ng isang liham; nauunawaan ko kung ano ang sinasabi niya sa sulat, pero nagbabasa ako sa pagitan ng mga linya upang malaman kung ano ang ibig niyang sabihin, kita n’yo, dahil mahal ko siya at alam ko—alam ko ang kalikasan niya. At kailangan mong malaman ang kalikasan ng Diyos at ibigin Siya, kung gayon ang mga Kasulatan ay malalantad sa iyo. Inihahayag Niya Ito.

77 Ngayon, masdan n'yo ang susunod na talata:

At kaniyang papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, (Ngayon, masdan.) at ang mga puso ng mga anak sa mga magulang, . . . (Kita n'yo?)

78 Ngayon, noong dumating si Juan bilang si Elias, ipinagbalik-loob niya ang mga puso ng mga Israelita, ang mga puso ng mga anak na noon ay tumatanggap sa kanyang mensahe, ang mga puso ng mga magulang sa mga anak. Pero pagdating niya sa panahong *ito*, panunumbaliking-loob naman niya ang mga puso ng Iglesya sa Pentecostal na mga magulang. Kita n'yo, bise-bersa 'yun. Naunawaan n'yo? Ngayon, basahin n'yo Ito!

79 Ngayon, makinig nang mabuti ngayon:

At kaniyang papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, . . .

80 Ang matandang orthodox na saserdote; sasabihin niya sa kanila na, "Aba, kaya ng Diyos na magpalitaw ng mga anak ni Abraham mula sa mga batong ito. Huwag n'yong iisipin na kaya n'yong. . ." Kita n'yo? Ngayon, ibabaling niya ang mga puso ng matanda't matigas na orthodox na saserdote at panunumbaliking-loob ang kanilang mga puso sa Pananampalataya na tinaglay ng mga anak nung panahong 'yun. Kita n'yo, "Ngayon, lahat ng ito na nabautismuhan at naghihintay sa darating na Mesiyas. Sino ang nagbabala sa inyo, kayong lahi ng mga ulupong, na tumakas mula sa poot na darating?" Oh, grabe! Nakita n'yo na, "Kanyang ipinapanumbalik ang mga puso ng mga ama sa mga anak."

81 "At ang mga puso ng mga anak sa mga ama." Ngayon, kapag ang dakilang Elias na *ito* ay dumating na sa katapusan ng kapanahunang ito, dadalhin niya ang Mensahe ng Pentecostes upang panunumbaliking-loob ang mga anak sa Pananampalataya ng mga magulang, dahil sasawayin niya sila dahil hindi nila iningatan ang parehong Pananampalatayang ito na naroon sa simula. Amen! Ngayon, naniniwala akong medyo napagtatanto na natin na ito'y magiging si Elias. Hindi ba? Ngayon alam na natin ito.

82 At mayroon itong . . . Ngayon nakita n'yo, ang kakila-kilabot na Araw ng Panginoon ay hindi pa dumarating. Madalas kong iniisip, "Magiging mangangaral lang ba ang lalaking ito, kung ganon?" Ginawa noon ni Elias ang lahat ng mga himala, walang pangangaral. Pero noong ang kanyang Espiritu'y napasa kay Juan, ginawa Nito ang lahat ng pangangaral at walang mga himala. Bakit? Ang kasunod na sa kanya'y si Jesus, Siya ang gagawa ng mga himala, "Sapagkat sisikat ang Araw ng katuwiran," sabi niya, "na may pagpapagaling sa kanyang mga pakpak." Kaya hindi na kinailangan ni Juan na gumawa ng mga himala, ipinamalita lamang niya ang pagdating ng Cristo. At sila . . .

⁸³ Ngayon, tandaan n'yo, at itong si Juan...o itong si Elias na darating, ay hindi mauunawaan, siya ay magiging napaka makapangyarihang tao sa harap ng Panginoon hanggang sa isipin ng mga tao na siya na ang Mesiyas.

⁸⁴ Dahil sinabi sa kanya ng kanyang pinakamatalik na mga kaibigan, "Ikaw ang Mesiyas."

⁸⁵ Sinabi niya, "Hindi ako karapat-dapat na magtanggali ng Kanyang panyapak, anupa't Siya'y kasunod ko!"

⁸⁶ Dahil umaasa sila, noon, na makakita ng isang Mesiyas, inakala nilang dumating na ang Mesiyas...Noong makita nilang lumitaw sa gitna nila ang malaking kababalaghang ito, sinabi nila, "Siya na ang Mesiyas."

⁸⁷ Sabi ni Juan, "Hindi ako Siya! Subalit kasunod ko na Siya!"

⁸⁸ Oh, grabe! Naunawaan n'yo ba? Kaya iisipin ng malalapit niyang kaibigan na siya na ang Mesiyas.

⁸⁹ Ngayon, pansinin n'yo ang isa pang bagay na magaganap, ang kalikasan nito, darating siya bago ang Araw ng Panginoon. Ngayon, hindi kailanman nasunog ang lupa noong panahon ni Juan, kaya ito'y sa hinaharap pa. Pagdating niya noong unang pagkakataon, nangaral lamang siya; sa pangalawang pagkakataon, siya—siya ay parehong magsasagawa ng pangangaral at ng mga tanda na ipinangako ni Jesus Cristo. Buweno, ngayon, tingnan natin ang kalikasan, kung ano ito, ang kalikasan ng propetang ito na darating.

⁹⁰ Ngayon, nasisiyahan tayo na ang anghel nitong huling kapanahunan ng iglesya, na inihula mula sa Lumang Tipan pababa; ngayon, ang iba sa kanila'y hindi. Sina Pablo, Ireneo, haya't hindi sila inihula. Ngunit itong huling kapanahunan, sa katapusan ng katuparan, sa katapusan ng sanlibutan, magiging isang napakatinding panahon ito na nasa unahan lamang natin, kaya't ang anghel ng kapanahunang ito ay inihula na noon pa sa Kasulatan, sa Lumang Kasulatan, ang pagtatapos ng kapanahunang ito. Ito'y si Elias nga, na isang dakilang pinahiran.

⁹¹ Ngayon, masdan n'yo! Ano bang uri ng kalikasan ang mayroon si Elias? Una, magiging isa siyang makapangyarihang propeta na tapat sa Salita ng Diyos, dahil naging tapat noon si Elias, at naging tapat si Juan. Tama. Ang pagpapamalas niya ng mga tanda't mga kababalaghan, ay magpapanumbalik sa mga puso ng mga anak tungo sa Pananampalataya ng Pentecostal na mga magulang. Kamumuhian niya ang mga denominasyon tulad ng ginawa noon ni Elias. Siyanga, talagang kamumuhian niya! Sa tingin ko ay nasimulan na natin ang bagay na 'yun para sa kanya ngayon; oras na para lumitaw siya. Talagang kamumuhian niya ang mga denominasyon! Kinamumuhian sila noon ni Elias, at gayundin si Juan ay kinamuhian ang denominasyon.

⁹² Sabi ni Juan, “Huwag kayong lalapit, na iisipin n’yo, ‘Ngayon si Abraham ang aming ama.’ Kayo na mga Fariseo at mga Saduceo, kayo na grupo ng mga ulupong! Mga ahas sa damuhan,” sa ibang salita. “Sapagkat sinasabi ko sa inyo, na kaya ng Diyos na magpalitaw ng mga anak ni Abraham mula sa mga batong ito.”

⁹³ Sinabi ni Elias, “Naligaw na silang lahat, bawat isa sa kanila! Walang naiwan kundi ako na lamang.” Oh, grabe!

⁹⁴ Kapopootan din niya ang magagarbong babae! Napoot noon si Elias: kay Jezebel. Tama ba? Si Juan din: kay Herodias. Pareho silang mga propeta, ang Espiritu, iisa ang Espiritu. Kinasuklaman nila ang daigdig ng denominasyon, ang daigdig ng iglesya. Kinasuklaman nila, din naman, ang magagarbong, masasamang babae. Sila . . . May bagay sa kanilang espiritu na sumisigaw laban sa naturang bagay! Tinugis ni Jezebel ang ulo ni Elias at pupugutan sana ito; at pinapugutan din niya ang ulo ni Juan, ’yun ang ginawa ni Herodias. Pareho nga sila!

⁹⁵ Magiging mahilig sa ilang ang propetang ito! Tulad ni Elias, namuhay Siya sa ilang, mag-isa. Si Juan, namuhay rin sa ilang, mag-isa. Kung gayon alam na natin na ito’y magiging si Elias. Buweno.

⁹⁶ At ang propetang ito’y magiging isa na mananatili sa tunay na Salita ng Diyos. Oo, mananatili siya Rito, sa buong Salita. Para ano? Para ipanumbalik ang isang Pananampalataya (sa iglesya ng Efeso) na nawala sa lahat ng mga panahong ito, Pananampalataya, sa iglesya na nagkaroon ng “bukas na Pinto” sa harapan nito at tinanggihan Ito.

⁹⁷ Hindi isang taong edukado. Si Elias ay hindi isang taong edukado, isa siyang Tisbita. Si Juan ay hindi rin isang taong edukado. Lucas 1:67, sinabi ng Biblia na siya’y . . . “Na ang bata ay nasa . . . pagkasilang sa kanya, umalis siya papunta sa ilang, namalagi sa ilang hanggang sa araw na ipinakita siya sa Israel.” Siyanga. 1: . . . Lucas 1:67 hanggang sa ika-80 talata, kung gusto n’yo itong markahan.

⁹⁸ Ang propetang ito ay magiging isa ring sumpungin na lalaki. Si Elias, pagkatapos niyang magkaroon ng malaking pagtitipon, wala na siyang makasundo. May mga sumpung si Elias. Nagpunta nga siya roon at tumawag ng apoy na bumaba mula sa langit at sinunog ang mga dambana ni Baal at lahat na, tumakbo siya roon sa ilang at ang sabi niya, “Panginoon, ako’y pareho lang sa aking mga ama, hayaan Mo na akong mamatay.” Tama ba? (At si Juan . . .) Si—si Elias ay naupo sa ilalim ng isang puno ng enebro, at pagkatapos lang nun ng dakilang rebaybal, ngayon ay gusto na niyang mamatay.

⁹⁹ At si Juan naman, noong ipakulong nila siya (ng masamang babaing ito) naupo siya roon at nagsimulang makaramdam ng pagpapanglaw. Sa paniwala ko’y si Pember o isa sa kanila ang

nagsabi, “Ang kanyang matang-agila’y nanlabo noon, sa piitan.” Isinugo niya ang ilan sa kanyang mga alagad.

¹⁰⁰ At, aba, nakapagpahayag na nga siya’t, sinabi, “Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.” Nakita na ni Juan ang Haliging Apoy na nakalutang sa ibabaw ni Jesus, tulad ng isang Kalapati, at bumaba, pumaibabaw sa Kanya. Nasaksihan niya mismo itong lahat, at sinabi, “Iyan ang Cordero ng Diyos!” At sinabi pa, “Ako po ang dapat Mong bautismuhan, at bakit Ikaw pa ang lumalapit sa akin?”

sabi ni Jesus, “Hayaan Mong mangyari ito ngayon.”

¹⁰¹ Pero noong ikinulong nila siya, bigla–bigla na lang siyang namanglaw. Kita n’yo, medyo mahirap nga, hindi na siya halos maibangon. At nang gawin nila, sabi niya, “Tanungin n’yo Siya kung Siya nga bang talaga, o maghihintay pa ba kami ng iba pang darating?” Katulad mismo ng ginawa ni Elias noon, kita n’yo, parehong–pareho.

¹⁰² Siya, mistula ngang sumpunging lalaki, kaya naaawa tayo sa kanya dahil alam natin kung ano ang pakiramdam nun. Buweno.

¹⁰³ Ngayon, ngayon sa...Ang–ang Iglesya, sa kanyang pagpapakita...Mas mabuting iwanan ko na lang ang isang ‘yan. Sa kanyang pagpapakita, ang–ang Iglesya...Kapag ipinakilala na niya ang kanyang sarili, itong makapangyarihang Elias na ipadadala ng Diyos sa atin, kapag ipinakilala na niya ang kanyang sarili tulad ng ginawa ni Elias, handa na ang Iglesya noon para iligtas, na iniligtas mula sa mga kamay ng paganismo. Tama ba? Noong dumating siya roon at sinabi, “Patutunayan natin kung sino ang Diyos,” Iniligtas nga noon ni Elias ang Iglesya. At si Juan, tulad ng ginawa ni Juan, sinabi niya nang makita niya si Jesus, sabi niya, “Ako’y kinakailangang bumaba at Siya’y kinakailangang tumaas.” Nagsimulang mangaral si Juan, ipinakilala ang kanyang sarili bago dumating ang Panginoon. Hanggang sa mismong dulo, ang pagpapakita. Buweno.

¹⁰⁴ Ngayon, alamin natin ang pakahulugan ni Elias sa panahong ito sa Iglesyang ito. Para mapatunayan na ito si Elias: si Elias pagkatapos niyang maibigay ang kanyang propesiya, hindi na kinailangang mamatay ni Elias, siya’y pinagbagong-dako mismo’t iniangat sa Langit; isang tipo ng Iglesya (sa katapusan nitong Elias na darating, sa katapusan ng *kanyang* panahon), tutungo ang Iglesya sa Pag-agaw, nang hindi na dumaraan sa mga anino ng kamatayan. Ito ang Pag-agaw! Naniniwala akong ang dakilang Elias, ang dakila na darating, ay ang pinahirang Elias na iprinopesiya para sa huling mga araw. Amen! Sa palagay ko siya’y magiging, pagdating niya, ang anghel, o ang mensahero sa iglesya sa mga huling araw (isang tinanggihan, hinamak na mga tao, gaya ng pagdaraan ng iglesyang ito, at nangyayari na nga). Iniisip ko na si Elias ay ipinangako nga sa

Biblia. Sa palagay ko'y naiintindihan natin 'yun, na si Elias ang ipinangako sa Biblia na darating sa araw na ito. Naniniwala ba kayo roon?

¹⁰⁵ Ngayon, bumaling na tayo ngayon sa Laodicea at tingnan natin kung ano ang sasabihin sa atin ng ating Panginoon ngayong gabi tungkol sa Laodicea, isang Laodicea. Sige, ang pagbati sa iglesya:

. . . *sa anghel ng iglesia sa Panginoon* . . .

¹⁰⁶ Sa ika-14 na talata sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis:

. . . *sa anghel ng Panginoon* . . . *sa . . . Laodicea ay isulat mo; Ang mga bagay na ito na sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, at ng pasimula ng paglalang ng Dios;*

¹⁰⁷ Oh, grabe! Nasa ating lahat. . . Kung mayroon lang sana tayong buong gabi para ryan, talagang ihahayag ito sa atin ng Panginoon! Masdan n'yo!

¹⁰⁸ Ang "Amen" ay ang "Huli." Nagpakita Siya mula umpisa't tumugaygay pababa, at ang iba't ibang mga bagay, pero narito na ang huling kapanahunan ng iglesya kung saan sinasabi nito, "Ako ay . . . Ito na ang pagtatapos, Ako ang Huli."

¹⁰⁹ Ngayon, para ipakita na Siya ang "Una" rin naman, kung papaano Siya noon, Siya'y "ang pasimula ng paglilikha ng Diyos." Oh! Nauunawaan n'yo ba Ito? Kita n'yo? Paano malilikha ang Diyos kung isa Siyang Espiritu? Paano Siya malilikha? Siya'y—Siya'y Walang Hanggan! Hindi Siya kailanman nalikha, hindi Siya kailanman malilikha, dahil Siya ay Diyos sa pasimula. Pero Siya na "pasimula ng paglikha ng Diyos" ay si Jesus Cristo noong nahayag Siya, noong tumahan ang Diyos sa Kanya. Siya ay *nilikha* ng Diyos! Oh, grabe! Kita n'yo, "Ang Una at ang Huli; ang Amen, ang pasimula ng paglalang ng Diyos." Nang ang Diyos ay maglikha para sa Kanyang Sarili ng isang katawan, bumaba Siya at tumahan doon, 'yun ang pasimula ng paglikha ng Diyos. Kita n'yo? Oh, hindi ba't kahanga-hanga Siya?

¹¹⁰ Ngayon, nakita natin sa una, ipinakita Niya ang Kanyang pagka-Diyos *dito* mismo, "Ako ang Makapangyarihan sa lahat! Ako Ang Nakaraan, Ang Ngayon, at ang Darating. Ang Makapangyarihan sa lahat!" Sa iglesya ng Efeso, sinabi ito nang tatlong beses. Tama ba? Dumating sa taga-Laodicea at sinabi, "Ako ang Amen. Ako ang Una *rito*, Ako ang Huli *rito*. At Ako ang pasimula ng paglalang ng Diyos. Sa mga kapanahunan ng iglesya na magkakaroon tayo, malalaman n'yong Ako ang Diyos, ang Diyos na nalikha sa anyo ng tao. Ako ang pasimula ng paglalang ng Diyos!" Amen.

¹¹¹ Mapapasigaw nun ang isang Presbyterian. Isipin n'yo na lang! "Pasimula ng paglalang ng Diyos." Ngayon, ako. . . Oh,

gustong-gusto ko 'yun, “ang paglikha ng Diyos,” noong nalikha ang Diyos, nang magkatawang-tao ang Diyos kay Jesus Cristo at tumahan sa gitna natin.

¹¹² Ngayon—ngayon, ang susunod na talata ay (sa ibang mga iglesya) pinuri sila, pero hindi Niya pinuri ang iglesyang ito. Mayroon Siyang reklamo laban dito, hindi papuri. Hindi Niya ito pinuri para sa anumang bagay, itong kapanahunan ng Laodicea. Sa lahat ng Liwanag na taglay nila, at tinalikuran pa Ito, hindi nila kailangan ng anumang papuri. Uh-huh. Kinailangan nila ng pagsasaway, at nakuha nila ito! Mayroon Siyang reklamo para sa iglesyang ito, hindi isang papuri.

¹¹³ Ngayon gusto kong basahin ang ika-15 at ika-16 na talata rito ngayon:

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, . . . ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit. (Sa ibang salita, “Huwag—huwag maging sala-sa-init sala-sa-lamig.”)

Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig. (Hmm!)

¹¹⁴ Itinuro . . . Ito ba'y isang papuri? Isa itong pagsaway rito sa napakasamang kapanahunan ng Laodicea, ang pinakamasama sa lahat na kapanahunan. Lahat na ng iba sa kanila ay nagdusa at lahat na ay dinanas nila; wala silang kahit ano, naghihirap, gumagala na nakasuot ng mga balat ng tupa at kambing, at salat, at nilagari at sinunog hanggang mamatay, ipinakain sa mga leon, at lahat na ng iba pa, at ganoon pa ma'y pinanghawakan ang Pananampalataya. At ang grupong ito'y “mayaman at hindi nangangailangan ng anuman,” at lahat ng iba pa, at isang patutot! Siyanga.

¹¹⁵ Ngayon, mayroon tayong isang napakahalagang pag-aaral, sana'y tulungan tayo rito ng Panginoon. Sabi Niya—sabi Niya, “Dahil hindi ka mainit o malamig man, maligamgam.”

¹¹⁶ Parang gatas, kita n'yo. Ang masarap na malamig na gatas ay mabuti. Hindi ba? Ang mainit na gatas ay mabuti rin para sa iyo. Pero masusuka ka sa maligamgam na gatas.

¹¹⁷ Maaalala n'yo na nagkasakit ako isang gabi, doon sa ilog, mga dalawampu't limang taon na ang nakalipas. Nasa isang maliit na barong-barong na bangka ako, nakatira roon. Nagkasakit ako, at dumating sila, dinala ako ng bayaw ko kay Dr. Isler. Sabi, “Anong problema?”

Sabi ko, “Sobrang sakit ng tiyan ko!”

¹¹⁸ Sabi, “Uminom ka ng isang baso ng mainit na gatas.” Oh, kapatid! Dahil sa maligamgam na gatas, napasuka ako, kaya isinuka ko mismo ang lahat ng nasa tiyan ko.

¹¹⁹ Ngayon, sinabi ng Diyos, “Mas gugustuhin Kong maging mainit ka, tunay na nagbabaga sa init, o nagyeyelo, na maging

ganoon ka o ganito. Huwag kang maging maligamgam, dahil Ako'y masukka sa iyo."

120 Iyan ang ginagawa nitong kapanahunan ng iglesya para sa Diyos, na anupa't nasusuka ang Diyos! Kita n'yo? "Alinman sa...Huwag...Alin...huwag kang magba...Alinman sa magbaga ka nang husto sa init o...Haya't huwag kayong maging sala-sa-init sala-sa-lamig! Mainit-init o mainit; dahil masukka Ako sa inyo."

121 Ang pagiging malamig ng iglesyang Anglican noong panahon ni John Wesley ang nagtulak sa kanya na magdaos ng mga pagtitipon sa ibang lugar, dahil malamig ito, giniginaw sa lamig.

122 Ang pagiging malamig noon ng iglesyang Methodist ang nagdulot kay William Booth na maging isang nagbabaga sa init na salbasyonista. Kita n'yo, sabi ng Diyos, "Kung hindi ka lalapit at magsisisi, aalisin Ko ang kandelero. Aalisin Ko ito, ibibigay sa iba." Kaya noong ayaw nang tanggapin ng iglesyang Methodist ang pagpapaging banal ni John Wesley, dumating si William Booth kasama ang Salvation Army at ipinagpatuloy 'yun. Siyanga. Bakit? Inorganisa kasi nila ito! Ganoon na nga mismo. Gumawa ng organisasyon mula rito, at sinabi ng Diyos, "Kinamumuhian Ko ang bagay na 'yan!"

123 Kaya ang...Dumating si William Booth at ipinagpatuloy ito, at ng Salvation Army, pagkatapos ano naman ang ginawa niya? Ganoon din, bumaling pabalik at inorganisa itong muli. Dumating ang mga Campbellites pagkatapos niya, at sila'y umiral pansumandali; at pagkatapos nun ay si John Smith na kasama ang mga Baptist; at dumating naman ang mga Nazarene pagkatapos nun; at pagkatapos ng mga Nazarene ay dumating ang Pentecostal.

124 Ang mga Nazarene, anong ginawa nila? Ibinunsod ang kanila sa gayunding paraan, ginawa itong denominasyon.

125 Anong pumasok noong panahong 'yun? Dalawang maliliit na sangay, ang Church of God at iba pa, ang sumibol mula roon. Anong ginawa nila? Nag-organisa; hinayaan sila.

126 Pagkatapos dumating ang mga Pentecostal kasama ang pagpapala ng huling ulan, ano ang ginawa nila? Nag-organisa na naman, kaya hinayaan na sila ng Diyos. Siyanga.

127 Ngayon ay tutugaygay na tayo rito sa dulo, makakapulot kayo rito ng isang bagay na talagang matatag sa ilang minuto. Buweno.

128 Buweno, gusto Niya na kayo'y nagbabaga sa init o—o nagyeyelo, ganito o ganoon. Huwag kayong maging sala-sa-init sala-sa-lamig! Huwag kayong maging mapagpanggap sa isang bagay na wala naman kayo, alinman sa mag-alab kayo para sa

Diyos o bumalik kayo sa—sa—sa organisasyon. Huwag—huwag kayong maging sala-sa-init sala-sa-lamig!

129 Ganyan na ganyan ito ngayon! Ganyan na ganyan ang nangyari sa . . . sa mga iglesyang ito rito. Gusto Niya kayong maging alinman sa mainit o malamig. Ayaw Niya ng “sala-sa-init sala-sa-lamig.” Ganoon ang kinahinatnan ng Pentecostal, isang kalagayang sala-sa-init sala-sa-lamig. Uupo sila sa may piyano kapag may pagkakataon, at sa ilang tambol, at kakalampag nang kaunti; at tutugtug ng sapat na musika, may tatayo at bigla na lang. . . alam n’yo, para bang magsasabi, “Purihin ang Panginoon! Hallelujah!” Uh-huh. At unti-unting mawawala ang musika, “UH, Uh, uh, uh,” ’yun na. Oh, naku, sadyang nasusuka nun ang Diyos! Kita n’yo? Uh-huh. Buweno.

130 Walang namang ganoon noon, bilang isang—bilang isang isang nagbabaga sa init na rebaybal na nagaganap sa kanila, pero marami silang mekanikal na makinarya sa iglesyang ito, kita n’yo, dahil mayaman sila at, oh, naku, nagsasama-sama sila at gumagawa ng malalaking pagtitipon at lahat na. Nagkakasiyahan sila sa simbahang ito, ganoon mismo, pero ang lahat ng ito’y makinaryang mekanikal. Pero walang init ng Espiritu Santo. Kita n’yo?

131 Tingnan n’yo rito kung ano ang sinabi Niya rito, kita n’yo:

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, . . . ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit.

At sapagka’t ikaw ay malahininga, . . . hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig. (Kita n’yo?)

132 Ngayon, sabi Niya, “Gusto Ko sanang ikaw ay malamig o mainit. At dahil sa hindi ka ganoon, kailangan Kitang—kailangan Kitang maiwaksi, ganoon mismo, talagang iwaksi ka mula sa Aking bibig.”

133 Ngayon, marami silang salapi, mayroon silang naglalakihang mga gusali, mayroon silang magagandang bagay na nangyayari, pero wala silang init ng Espiritu Santo. Oh, mayroon silang isang maki- . . . isang—isang pamunuan. Oh, naku! Mayroon silang isang nagkakaisang iglesya na nagsama-sama, naku, mayroon silang pinaka malalaking gusali na nagkaroon sila kailanman, at mga bagay na ginaganap, pero walang Espiritu Santo. Kita n’yo? Iyon ang ipinadala ng Diyos para sa Iglesya, ang Espiritu Santo.

Ngayon, habang nagpapatuloy tayo rito sa ika-16 na talata.

134 Mayroon silang lahat na ng uri ng mga komite. “Oh, mayroon kaming isang mahusay na pamunuan ukol diyan. Ang kawang-gawang samahan ng matatandang kababaihan, at ang—ang barahang-laro na pinochle ng mga kabataang

lalaki, at—at larong bunco kapag Biyernes ng gabi, at ang—ang larong basketbol ng Linggo ng hapon, at, oh, ang larong beysbol sa *ganito-at-ganoon*. At, oh, kadaraos lang namin ng—ng umpukang pang-kalalakihan. At, oh, mayroon kami ng lahat na ng uri ng mga bagay.”

135 Sinasabi ko sa inyo, siya’y okupado nang husto, mga pang-sosyedad, at mga samahan, at mga balitaktakan, at kung anu-ano pa, pero walang init ng Espiritu Santo. Kita n’yo, mayroon kayong isang malaking pamunuan, pero wala kayong anumang bagay roon upang magpainit. Nagpapainit kayo sa mundo pero hindi sa Diyos, ’yun ang dahilan kung bakit kayo’y sala-sa-init sala-sa-lamig.

136 Oh, mas marami nga kayong miyembro kaysa dati. “Oo naman, naku! Aba, makakakuha kami ng isang milyon pa sa ’44,” sabi ng Baptist. Pero—pero ano ’yang mayroon kayo? Isang malaking makinarya lang!

137 Sa mismong simbahan kung saan ko narinig ang sinasabing *ganoon*, kailangan nilang tumigil pansumandali at hayaan silang lumabas muna nang labinlimang minuto, para bigyan ng pagkakataon ang pastor na lumabas, at lahat ng mga diyakono’t lahat sila, para manigarilyo, at babalik sa loob uli pagkatapos. Kita mo? Hayan nga. Malinaw na kinokondena ng Biblia ang ganoong bagay! “Kung dudungisan mo ang katawan na ito . . .”

138 Doktor na mismo ang kumokondena rito’t sinasabi, “Puno ito ng kanser.” Pagkatapos iaanunsyo nila sa radyo at sasabihin, “Filter ito para sa isang wais na lalaki.”

139 Tulad ng sinabi ni Billy Graham, “Isa siyang hangal para mag-isip ng *ganoon* sa simula pa lang.”

140 “Filter ng isang wais na lalaki,” ang isang *wais* na lalaki’y hindi hihithitin ang sigarilyong ’yan kahit kailan, siyanga, magdadalawang-isip ka. Pero sinasabihan niya ang kababaihan na talagang papapayatin sila nito, alam n’yo, para makapagsuot sila ng ilan dito na mga bagong labas na mga bestida na mayroon sila. Naku, talagang bebenta ’yun! Mas marami nang kababaihan ang naninigarilyo ngayon kaysa sa kalalakihan, at manigarilyo ang isang babae nang tatlo sa isa, na sigarilyo, kung ikukumpara sa lalaki. *Ganoon* na nga mismo, dahil gusto nga niyang magpapayat. Hindi niya alam na ’yun ay TB at kanser at bagay na ibinubunsod siyang magkaganoon, anyong-maliit pa lamang sa una, na pumapasok sa kanya’t, kinakain siya nang gaya nun, pinapatay siya. Talagang walang anumang maaaring ibunsod ’yun kundi kasamaan! *Ganoon* nga. Kita n’yo? Pero ’yun ay, “Ito—Ito’y filter daw ng isang wais na lalaki.” Hah! Oh, naku!

141 “Hindi! Hindi! Oh,” sabi nila, “pero mayroon kaming . . . Kapatid na Branham, di ako sang-ayon diyan! May kamanghamangha nga kaming mga pagtitipon! Tingnan mo na lang kung

anong mayroon si Billy Graham sa buong bansa.” Oh, sigurado, isang malaking pamunuan, mga upahang ebanghelista, mga tagapagpaawit na binabayaran.

¹⁴² Oo, umuupa sila ng kanilang mga ebanghelista. “Buweno, magkano ba ang ibibigay n’yo sa akin kung pupunta ako’t magdadaos nung rebaybal na ’yun? Buweno, kung hindi kayo makapagpalabas ng *ganitong-karaming* libong dolyar ay hindi ako pupunta ano’t anuman. Siyanga. At sino ang itinalaga n’yong manguna sa awitan? Buweno, pumunta ka’t upahan si *Ganito-at-ganoon*, mahusay siyang soloista. Upahan n’yo siya para. . . Siya ang hahatak ng kalahati sa karamihan, kahit siya lang mag-isa.”

¹⁴³ Binabayaranang mga soloista! Binabayaranang mga ebanghelista! Aba, nakarating na nga ito sa isang punto na ang pagliligtas ng kaluluwa ay isa nang negosyo. Ang pagliligtas ng kaluluwa ay hindi isang negosyo ng iglesia, ito’y ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa loob ng iglesia. Ang pagliligtas ng kaluluwa ay hindi isang. . . hindi mo ito binibili ng salapi. Hindi po! Hindi! Ang lahat ng ito, ay mga gawa, mga gawa, mga gawa, mga inupahang ebanghelista, mga inupahang tagapagpaawit, mga inupahang koro, lahat na ng iba pa. Ayaw ng Diyos ang ganoon, itong lahat ay mga gawa! Hindi gusto ng Diyos ng mga gawa, ang gusto Niya’y ang Espiritu Santo na gumagawa sa inyo. Ganoon nga.

¹⁴⁴ Sinasabi ng ika-17 talata:

Sapagka’t sinasabi mo, Ako’y mayaman, . . . at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan para sa anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba, (Oh!) . . . hindi mo nalalamang ikaw ang aba, . . . maralita, . . . dukha, . . . bulag, at hubad: (Hmm! Hmm!)

¹⁴⁵ Inaakala nila na sila’y “mayaman,” itong Pentecostal sa huling panahon na iglesyang ito. Akala nila. . . At sa panlabas ay ganoon nga sila. Siyanga, po. Mayaman sila. Isipin n’yo na lang ang simbahan, dati-rati ilang taon pa lang ang nakararaan, naroon lang sa isang kanto, tinataboy sa iba’t ibang lugar, dumanas ng hirap. Pero ngayon ay kanila na ang ilan sa pinaka malalaking gusali na mayroon.

¹⁴⁶ Nakikita n’yo kung saan na ang Assemblies of God ngayon, na ang lugar nila dati’y sa isang ordinaryong kahoy na gusali lang, parang ganito lang dito, at ngayon ay nagtatayo na sila ng anim-na-milyong dolyar na gusali, at sinasabi nila, “Napakalapit nang dumating si Jesus.” Pinapatunayan ng mga gawa n’yo na hindi n’yo pinaniniwalaan ’yun. Ito’y pagka-ipokrito! Nagtatayo ng milyong-dolyar na mga gusali at mga bagay na katulad n’yan, at sinasabi, “Napakalapit nang dumating si Jesus.” At ang mga kaawa-awang misyunero sa dako ng pagmimisyon, ay wala ngang sapatos sa kanilang mga paa,

mga tunay na misyunerong may takot sa Diyos, walang sapatos sa kanilang mga paa, at nabubuhay sa dalawang rasyon lang ng bigas kada isang linggo; kumakain nang dalawang beses lang sa isang linggo upang dalhin ang Ebanghelyo sa kagubatan at mga bagay na tulad nun, para maparating Ito sa kanilang mga kapatiran. At nagtatayo tayo ng anim-na-milyong dolyar na mga gusali, at simbahan na may malalaking, makukulay na bintanang salamin, at lahat na ng iba pa, at inilalagay ito roon. Oh, labis-labis pa nga ang salapi n'yo hanggang sa mayroon na silang mga asosasyon na nagpapautang sa loob mismo ng mga simbahan nila. Siyanga!

147 May doktor pa nga roon para magsuri sa kanilang mga ebanghelista o sa kanilang mga misyunero. At kapag may gustong pumunta sa pagmimisyon, ipinapasuri nila siya sa doktor upang makita kung siya ba'y . . . o sa saykayatrista, para makita kung siya'y . . . oh, kung tama ang kanyang IQ sa pag-iisip, kita n'yo. Ang Espiritu Santo ang magsusuri nun, hindi n'yo kailangan ng saykayatrista.

148 “Pero, mayaman nga at hindi nangangailangan ng anuman.” Oh, siyanga. Marami kayong pera. Sa panlabas, mayaman na mayaman; nagmamay-ari ng malalaking gusali, na may makukulay na bintanang salamin.

149 At mahuhusay magsalita na mga mangangaral! Oh, grabe. Grabe, sasabihin ko sa inyo, hmm, talagang mahuhusay silang magsalita. Kaya nilang tumayo at magsalita nang magdamag, at wala namang nasasabi. Kita n'yo? Pagsampa nila . . . Ang ibig kong sabihin ay tungkol sa mga bagay na hindi naman nila dapat sabihin, kita n'yo. Tatayo, at ilan sa ganitong mga bagay, at magsasalita tungkol sa kaunting *ganito-at-ganoon* at itong *ganito-at-ganoon*. At alam n'yo na kung paano mismo. Mga upahang mang-aawit. Siyanga. Buweno. Pero, ang dumadako sa pulpito, ay mahuhusay magsalita na mga mangangaral. Kung hindi nakasuot ang mga ito ng ternong tuxedo na may itinuping kulyar, at nakasuot ng kung anong uri ng abito, aba, talagang ikadidimaya ng kanilang kongregasyon.

150 At lalabas doon ang mga mang-aawit na 'yun, sila na mga kababaihan, na maiiksi ang buhok tulad ni Jezebel, grabe ang kolorete sa kanilang mukha na kayang pinturahan ang isang kamalig. Pagkatanggal na pagkatanggal nila ng toga na 'yun, nakasuot pala sila ng shorts at mga panlalaking damit, at ang sabi ng Biblia, “Kung ang isang babae'y nagsusuot ng damit na nauukol sa isang lalaki, ito'y kasuklam-suklam sa Kanyang paningin.” Maglalakad sa kalsada na nakataas ang ilong nila, na animo'y kung uulan ay malulunod sila. Mga sobrang bilib sa sarili, arogante, masusungit na mga Jezebel! Yan ang dahilan kung bakit wala tayong rebaybal, isa itong malaking piraso ng gawang-makinarya.

151 Oh, maaaring mala-arkanghel ang boses, haya't papanagutin kayo ng Diyos para diyan! Itong mga Elvis Presley at iba pa, at mga Ernie Ford, o kung anupaman ang tawag nila sa kanila rito na may magagandang boses na ito at ginagamit ang mga ito para sa diyablo, sinabi ng Diyos, "Hihingin ko 'yun sa kanilang mga kamay."

152 Yan ang dahilan kung bakit iginagalang ko ang bulag na si Fanny Crosby; hindi niya kailanman ibinenta sa sanlibutan ang ipinagkaloob sa kanya. Pinanatili niya ito sa Diyos.

153 Marami sa mga taong ito ay mahuhusay na mang-aawit, mga taong mahuhusay magsalita, mga dakilang tao, at iba pa, sa halip na gamitin ang kanilang talento para sa Diyos, binaluktot sila ng diyablo't naroon sila na gumagawa para sa kanya. Mga personalidad, mga personalidad sa radyo at telebisyon, na ibinebenta ang kanilang sarili, naroon para sa sanlibutan sa halip na ibigay ito sa Diyos. Dumadalo sa simbahan ang ilan sa kanila, nagsisimba, nagsusuot ng malaki't magarang toga, lumalabas doon at umaawit nang ganoon, at bumabalik at kumakanta ng rock-and-roll sa susunod na gabi. Ang ganoong mga mang-aawit na kilala natin, kabilang sila sa ilang mga simbahan, na lumalabas doon at gumagawa sila ng mga pelikula, sa mga pelikula, pumupunta roon at kumakanta ng mga rock-and-roll. Mga hari ng rock-and-roll, na nag-aangkin na mga relihiyoso raw! Panlilinlang ito ng diyablo!

154 Nagkaroon minsan ng sapat na—sapat na pang-unawa ang isang lalaki noon. Na ang sabi niya kung magiging isang mangangaral daw siya, na pupunta siya ng Linggo ng umaga't mangangaral, at pagkatapos pupunta raw siya roon sa... magsasahimpapawid sa radyo at kakanta ng rock-and-roll na kanta at lahat ng gaya nun, kaya sa huli kumuha siya ng isang pistola't pinasabog ang kanyang utak. Iginagalang ko ang naturang lalaki sa paggawa nun. Siyanga. Siyanga. Siya'y—siya'y may higit na... May sapat nga siya na pang-unawa tulad sa mga baboy, kahit papaano, noong pasukan ng diyablo ang mga baboy at sila'y nagsitakbuhan doon sa tubig at nangalunod. Ni walang ganoong kaisipan ang karamihan sa mga tao.

155 Alam kong kayo... Ayaw ko—ayaw ko sanang maging ganoon kahigpit sa inyo, pero, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kailangan mong—kailangan mong ipagdikdikan ang bagay na 'yun dito para magawa mong—magawa mong mapatimo ito! Ganito ang panahon na kinabubuhayan natin. Sa palagay ko nga'y kung tinawag ni Jesus si Herodes na isang "matandang asong-gubat," at tinawag naman sila ni Juan na "isang lahi ng mga ulupong," buweno.

156 Mayroon silang malalaking gusali, mga makukulay na bintanang salamin, mahuhusay na mangangaral, mga upahang mang-aawit. Siyanga, po. Ano naman ang mayroon sila sa

loob nun? Ano ba ang mayroon sa loob nun? Kawalan ng Espiritu Santo. Tumatayo roon at lalabas at magsusuot ng shorts, at papasok at aawit sa koro. Kayo na kahabag-habag na mapagkunwari! Siyanga, po. Ganoon nga.

157 At ikaw, mangangaral, na hahayo sa isang pagtitipon dahil binibigyan ka nila ng mas maraming salapi kaysa sa ibinibigay nila sa ibang lugar! Ikaw na tampalasan, hindi ka nababagay sa pulpito. Tama 'yan. Pera-pera lang! “Kung hindi kayo makapaglalaan ng *ganitong-karaming* libong dolyar, buweno, hindi kami makakapunta. Ang aming—ang aming—ang tagapangasiwa ng aming iskedyl at iba pa’y makapupunta, kung makapagbibigay kayo ng ganoong halaga ng pera’y pupunta kami. Kung hindi ako makakakuha ng buong kooperasyon sa lahat, hindi ako pupunta. Kung hindi lubos na magtataguyod ang lahat (lahat ng mga iglesya) para magkaroon ako ng maraming salapi’t mabayaran ang aking mga utang, hindi ako pupunta.”

158 Kapatid, ang isang tunay na tao ng Diyos ay pupunta kung ginabayan siya ng Espiritu Santo, anuman ang mayroon dun sa kaloob. Kung kinakailangan niyang kumain ng mga soda kraker at uminom ng tubig poso. Ganoon 'yun, isa siyang tunay na lingkod ng Diyos.

159 Subalit itinatali ng mga tao ang kanilang sarili sa mga pagsasahimpapawid at radyo at telebisyon, at lahat na ng uri ng mga bagay sa sanlibutan, hanggang sa kailangan daw nilang magkaroon ng ganoong karaming salapi. Siyanga. Kita n'yo? Hindi 'yan sa Diyos.

160 Sinabi Niya, “Oh, mayaman kayo, hindi na nangangailangan ng anuman.” Tunay, pero ang mismong bagay na kailangang-kailangan n'yo, ay wala kayo. Siyanga. Pero wala kayong kamalay-malay. Kita n'yo, “Mayaman, hindi nangangailangan ng anuman.” Binabayaran para gawin ang mga bagay na ginagawa nila, naglalaro ng baraha. “Oh” sasabihin n'yo, “mayroon kaming malalaking kongregasyon.” Oo nga, naman. Siyanga, po. “Pinakamalaking kongregasyon! Aba—aba, alam n'yo ba, ang alkalde ng lungsod ay dumadalo sa simbahan namin.” Um-hum. Siyanga. “Buweno, alam n'yo ba, si *Ganito-at-ganoon*, kapag dumarating sila sa bayan, dumadalo sila sa simbahan namin.” Um-hum. “Nasa amin na ang lahat ng kilalang tao.”

161 Oo, at kapag ang mga dukha na't, mga nangangailangang banal ay papasok sa inyong simbahan, haya't sila'y kahihiyang sa inyo. Ni ayaw n'yo sila roon. Natatakot kayong may magsabi ng “Amen!” habang nangangaral kayo.

162 Tulad nung munting ginang na nabasa ko minsan sa isang maliit na libro rito, pumasok siya sa isang simbahan. Ang kanyang mga anak, pinalaki niya sila sa isang makalumang

simbahan doon sa kakahuyan kung saan sila'y talagang maka-Diyos. Kaya ang . . . Dumating isang araw ang isang binata't pinakasalan 'yung dalaga. Sinabi nito na kaanib daw siya sa simbahan sa *labas*, alam n'yo, isa sa malalaking simbahan ng parehong denominasyon sa siyudad. Kaya sinabi niya sa nanay na isa siyang Cristiano. Kaya't pinakasalan niya ang anak na babae't dinala ito.

¹⁶³ Buweno, sa huli'y napahiwalay na niya ito sa maliit na lumang simbahan sa probinsya doon sa kabundukan, papunta rito, sa napakalaking magandang simbahan, na parehong pangalan; pero sa dako roon ay mayroon silang Espiritu Santo, at sa dako naman dito'y wala sila. Kaya't nang magkagayon noong pumasok sila rito, sa napakalaki't magandang simbahan.

¹⁶⁴ Mangyari nga na ang sabi ng Nanay, isang araw, lumuwang siya para—para bisitahin ang kanyang anak na babae. Buweno, inisip nila kung ano bang gagawin nila sa kanya. Kaya't nung pagdating niya'y mukha siyang isang tauhan hango sa isang sinaunang aklat, isang tauhan doon na aba't, bestidang mataas ang kuwelyo, alam n'yo, at mahahaba ang manggas, at ang buhok niya'y nakapusod, di pantay na nagmukha siyang sibuyas, na nakapaganoon (nakapusod, alam n'yo). At dumating siya, at ang sabi niya, “Buweno, Hallelujah, iha! Kumusta na kayong lahat?” Buweno, sabi nung anak, “Ngayon, Linggo po bukas ng umaga.” Sabi, “Pupunta kayong lahat sa pagtitipon, hindi ba?”

¹⁶⁵ (Sabi ng asawang lalaki, “Anong gagawin natin sa kanya?” Sabi, “Hindi natin siya puwedeng dalhin doon nang ganyan!” At sabi, “Buweno, hindi ko nga alam kung anong gagawin.”) Buweno, sabi ng lalaki, “Nanay, may sasabihin po ako sa inyo, tayo'y . . .”

¹⁶⁶ “Oh” sabi niya, “pero, iha, hindi ako maaaring hindi magsimba. Tiyak na mayroong *ganito-at-ganoong* simbahan dito sa paligid.” “Oh” siya . . . sinabi naman nito . . . Sabi, “May nakita akong isa roon sa kanto, pupunta na lamang ako roon.”

(At sinabi nito, “Oh, buweno, sige't payagan na lang natin.”)

¹⁶⁷ Kaya pagpasok nila, pinauna nila siyang pumasok, (Kita n'yo?) ikinahihiya nila siya. Heto na siya sa kabila ng kalsada't suot 'yung simpleng palda, alam n'yo, at nakakalik sa ilalim ng kanyang bisig ang kanyang Biblia. Buweno, kapatid, hindi man nakalagay ang pangalan niya sa *Who's Who*, pero nakikinita kong naroon ang pangalan niya sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Iyon ang pinaka mahalagang bagay.

¹⁶⁸ Pagpasok niya sa simbahan ay pumuwesto siya roon sa likod, naupo siya, alam n'yo, at binuklat ang Biblia't nagumpisa siyang magbasa. At nagsimulang maglingunan ang lahat, inakala ng mga tao na may nahulog na kung anong uri ng antigo sa kung saan. Nagpapalinga-linga sa paligid nang paganoon, “Oh, grabe!” Nangakasuot ang mga tao ng kanilang

naggagandahang damit, alam n'yo, tipikal na taga-Laodicea, at ang kanilang magagandang damit at iba pa. Luminging sila at nakita itong munting ina na nakaupo roon, na may malaking ngiti sa kanyang mukha, alam n'yo, nagbabasa ng Biblia. Oo.

169 At 'yung pastor, makaraan ang ilang sandali, noong matapos na nila 'yung lahat na iba pang mga bagay, siya pagkaraan ng ilang saglit, mayroon siyang mga labinlimang minuto para magsalita. Kaya tumayo na siya't ang sabi niya, "Ang Panginoon ay mabuti."

170 Sabi nung babae, "Purihin ang Diyos! Tama 'yan! Hallelujah!" At animo'y nagkandahabaan ang leeg ng lahat na parang gansa, tumitingin-tingin sa paligid, "Sino kaya 'yun?"

171 At maya-maya, sabi nung pastor, "Uhm! Uhm! Uhm!" Sabi niya, "Ang mga Cristiano sa bawat kapanahunan ay dapat na maging matatapang, dakila, mahuhusay na Cristiano," o parang ganoon.

172 Sabi nito, "Purihin ang Diyos! Tama 'yan!" At naglingunan ang lahat.

173 At sabi nun, "Uhm!" tumingin sa kanyang lupon ng mga diyakono.

174 At nakuha ng lupon ng mga diyakono ang ipinapahiwatig niya. Pumunta sila sa likod at hinawakan 'yung munting babae sa braso't inilabas siya sa pintuan, sabi, "Nakakaabala ka sa pastor."

175 Ikaw ay patay at hindi mo ito nalalaman! Oo. Oh, anong silbi ng iyong mga makukulay na bintanang-salamin? Anong silbi ng inyong kumportable't malalambot na upuan? At ano ang silbi ng lahat ng inyong malaking kongregasyon? Talagang diretso sa impyerno, gaya ng isang ibong-martines sa kulungan nito. Sapagkat kung wala kang Espiritu ng Diyos, ikaw ay mapapahamak! Maliban na ipinanganak kang muli, hindi mo makikita ang Kaharian ng Diyos.

176 Mapait 'yun. Parang noong dati akong umiinom ng castor na langis, sabi ko, "Nanay, hindi ko talaga kayang lunukin."

177 Sabi niya, "Kung hindi nito pasasamain ang pakiramdam mo, wala itong pakinabang sa iyo." Kaya sa palagay ko'y ganoon din Ito.

178 Oh, kung kakausapin mo sila! Oh, naglalakihan, naggagandahang gusali, at iba pa. Oh, sila—sila—sila . . . Kapag pumunta ka sa simbahan nila, mangyaring sasabihin mo . . . Pumunta kayo sa kanilang simbahan at sabihin, "Buweno, may sasabihin ako, Pentecostal ba kayo?"

"Ay, oo. Uh-huh. Oo naman, Pentecostal kami."

"Naniniwala ba kayo sa muling kapanganakan?"

"Oo."

“Buweno, may gusto nga akong ipakita sa iyo . . .”

179 “Oh, tingnan mo ang gusaling ito! Alam mo ba kung magkano ang pagpapatayo. . . ang halaga ng gusaling ito? Nagkakahalaga ’yan ng tatlong-kapat ng isang milyong dolyar para maitayo ito. Alam mo, hindi ’yan dating ganyan. Kami’y—kami’y naroon lang dati sa eskinita.” Um-hum, at kapag tumingin ka sa paligid, makikita mo ang lahat nitong magagandang bagay na mayroon sila. Siyanga po. At tapos sinasabi nila, “Oh, mayroon kami—mayroon kami ng lahat ng malalaking bagay na ito!” Pero wala silang pagmamalasakit sa mga naliligaw na kaluluwa! Lagi nilang gustong ipakita sa iyo kung gaanong kalaking gusali ang mayroon sila. “Tingnan mo ang talaan ng aming Sunday school, kung gaano itong karami!” Anong kabutihang maidudulot nito kung wala naman ang Espiritu Santo sa kanila? “Mayaman, nagkamit ng kayamanan, hindi nangangailangan ng anuman.”

180 Ganoon ang sinabi Niya, “Ganoon ang inaakala mo, ngunit hindi mo alam na ikaw ay maralita, aba, kahabag-habag, bulag, hubad. At hindi mo nalalaman ito!” Kita n’yo? Hayan ’yun.

181 Oh, sigurado, sasabihin nila, “Alam mo ba? Dati kaming . . . Yaong maliit na simbahang ginagamit namin dati nasa likod lang, ito na ’yun ngayon na malaki na!” At sinasabi ko sa inyo, walang pagmamalasakit sa mga kaluluwa, pero kailangan nilang laging may nag-aasikaso sa lahat ng iba pang mga bagay. Ang kawang-gawa ng mga kababaihan, at lahat ng iba pang mga bagay na ito, lahat ay kailangang may nag-aasikaso, pero walang pagmamalasakit sa mga naliligaw na kaluluwa. Oh, naku, grabe—grabe ang kinasadlakan ng iglesyang ito!

182 Wala silang pagmamalasakit para sa mga kaluluwa, pero may pagmamalasakit sila sa kayamanan. Siyanga. Maling pagmamalasakit ang mayroon sila. May pagmamalasakit sila para sa kanilang kayamanan pero ni isang pagmamalasakit para sa mga naliligaw na kaluluwa ay wala. Sabi ng Kasulatan, “Hindi nila alam na sila’y aba,” (Oh!) “kahabag-habag, bulag.”

183 Ang akala nila’y maaari silang dumepende sa salapi’t papagbaliking-loob ang mundo. “Oh, kung mapasulog lang natin ng isang programa, na makakakuha tayo ng maraming salapi rito, naniniwala ako na maaakay natin ang mundo. Kung ang ilan sa mga mayayaman sa ating simbahan, Kapatid na Branham, kung makumbinsi lang natin silang magbigay pa nang magbigay, at naniniwala ako na maaari tayong magsimula ng isang kapisanan na—na lalaganap at—at magpapabagong-loob sa mundo. Maaaring gumamit tayo ng mga eroplano’t maghulog ng literatura sa buong Aprika, at mga bagay na tulad n’yan. Kung may salapi lang sana tayo!”

184 Kapatid, hindi makakapagpabagong-loob sa mundo ang salapi. Ang mundo ay mapapagbagong-loob sa pamamagitan

ng Espiritu Santo; sa makapangyarihang pangangaral ng Espiritu Santo at ang Krus na siyang tanging bagay na makakapagpabagong-loob sa mundo. Ang programa ng Diyos ay hindi salapi. Kundi Espiritu Santo mismo, 'yan ang programa ng Diyos para sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea o sa alinmang kapanahunan ng iglesya. Siyanga, po.

185 Gusto nila ang Espiritu Santo. Oh, sinasabi nila, “Kami’y . . . may ginto.” Ginto nga, tama, pero hindi yaong tamang uri. Marami silang ginto pero hindi naman tamang uri. Ngayon, kaya inutusan sila ni Jesus, “Alam Kong mayaman ka, at may ginto, at wala kang kailangan,” pero:

Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay pumarito’t bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, . . .

186 Ibang uri nga ng ginto, oo, isang ginto na sinubukan sa maapoy na hurno, na dumaan sa apoy ng kamatayan, na dumaan sa Kalbaryo, galing doon.

187 Marami sa gintong mayroon kayo ngayon ay mapusyaw, mabubulok ito, mangangalawang ito. Kung mamamarkahan n’yo ito, Santiago . . . San Santiago 5:1 hanggang 4, at mauunawaan n’yo kung ano ito, sabi, “Halikayo, kayong mayayaman, ngayon sa pagdating ng Panginoon, tumangis kayo at humagulgol dahil sa mga kahirapan na sa inyo’y dumating, ang inyong ginto ay kinalawang na sa inyo.” Kita n’yo, ‘yan ang uri ng ginto na kinakalawang.

188 Pero ang gintong ibinibigay ni Jesus ay ang Espiritu Santo, ang gintong Langis ng Espiritu, na bumubuhos sa inyong puso. At—at, oh, grabe, “Ang payo Ko sa iyo, bumili kayo sa Akin ng ginto, kung ibig ninyong yumaman.” Oh, oo.

189 Gayundin, sila ay “bulag.” Ngayon, isa ‘yung masamang kalagayan na kahihinatnan. Sa tingin ko hindi naman labis na bulag ang mga Cristianong ito nang dahil sa sila’y “pangmalapitan lang ang tanaw.” Naniniwala ako na pangmalapitan lang ang tanaw nila. Ang tanging nakikita nila’y ang malalaki nilang gusali. Ang tanging nakikita nila ay ang malaki nilang kongregasyon. Ang tanging tinitingnan lang nila’y ang isang maayos na nagagayakang koro na nasusuotan ng naghahabaang balabal nito’t mga bagay-bagay. Sa tingin ko pangmalapitan lang ang kanilang tanaw, hindi na sila makakita pa lampas sa kanilang ilong, halos. Sa tingin ko’y hindi sila bulag, haya’t pangmalapitan lang ang kanilang tanaw. Ang tanging nakikita nila ay ang kanilang . . . “Buweno, alam mo kung ano? Kabilang kami sa *Ganito-at-ganoon!*” Ang malalaki nilang denominasyon, ang malalaki nilang pulutong, maraming miyembro, ang kanilang Sunday school, ang magagandang gusali nila.

190 “Ngunit kailangan nila ang Espiritu Santo,” sabi ni Jesus. Kailangan nila ang Espiritu Santo! Kaya’t sinabi ng Panginoon

sa kanila, “Mata . . . Kung kayo’y . . . napakalabo ng mga mata, at sobrang malapitan lang ang natatanaw n’yo hanggang sa wala na kayong makita kundi ang inyong malaking gusali rito at ang inyong malaking magandang kongregasyon, at ang inyong . . . ang alkalde ng lungsod at ang lahat ay pumupunta sa inyong simbahan, at nasa inyo na ang mga tanyag na tao. At kinalimutan n’yo na Ako. Ngunit kung ganyan na kayo kabulag, at ganyan na kalala ang inyong mga mata, pagbibilhan Ko kayo ng pamahid sa mata.” Oo.

¹⁹¹ Kita n’yo, kataka-takang sila na mga doktor ng dibinidad ay wala nun, hindi ba? Marami silang pagpapabango, maraming teolohiya. Pero ang kailangan nila’y pamahid sa mata, ang Espiritu Santo ng Diyos, upang hilutin ang kanilang mga mata’t ibunsod sila na tumingin sa pagdating ng Panginoon, ibunsod silang tumingin sa Biblia, ibunsod silang tumingin sa Salita. Alam nila kung paano magsabi ng “ah-man” nang tamang-tama. Nasa kanila na ang pabango, nasa kanila na ang lahat ng mga pamahid. Pero, “Kinakailangan nila ng pamahid sa mata,” sabi ng Panginoon. Sabi, “Kailangan n’yo ng kaunting pamahid para mailagay sa inyong mga mata, at ito ang magbubukas sa mga ’yan.”

¹⁹² Dati, noong bata pa ako . . . Nabanggit ko na ito noon, sa tingin ko nga, marahil nasabi ko na ito sa simbahan. Naalala ko lang ngayon. Lumaki ako roon sa kabundukan ng Kentucky, medyo matagal din, at tumira kami sa isang lumang tablang barong-barong. Si nanay, rito . . . At may isa kaming—isa kaming maliit na dating lugar sa itaas na palapag, at mayroon kaming kutson dun ng—ng dayami. At tapos doon sa itaas ng kutsong ’yun ng dayami ay may isang unan na gawa sa balahibo. Hindi ko alam kung alam n’yo kung ano ang unan na gawa sa balahibo o hindi, o isang highaang-dayami; isang lumang highaan, sobrang hirap namin noon. Sina tatay at nanay naman ay may kama sa ibaba. At mangyari nga na umaakyat kami sa isang maliit na hagdanan at sa ganoon kami nakakaakyat sa itaas, at naglalagay si nanay ng, kung—kung—kung minsan, kapisang katsa sa ibabaw ng mga kubrekama’t mga bagay-bagay, para hindi lumuwa’yung . . . Alam n’yo, tatayo ka . . . o mahihiga roon at magbibilang-bilang ka ng mga bituwin sa pagitan ng mga lumang tabla na ’yun na lumulusot ang liwanag ng buwan, alam n’yo, at malalaki’yung mga butas sa bubong nang paganyan.

¹⁹³ At kaya kapag umuulan ng niyebe o kung ano, o uulan, kaming maliliit na bata’y magtatago sa ilalim nitong—nitong kapisang katsa, alam n’yo, para’yung mga ’yun ay makaiwas . . . maiwasang mabasa. At kung minsan pumapasok’yung ihip ng malamig na hangin sa mga butas na ’yun, kami—kami—kami nga’y sisipunin at magkikimpal’yung mga mata namin. Alam n’yo, magsasara ito dahil sa lamig, may lamig sa mata namin. At kaya tatawagin kami ni nanay kinaumagahan,

“Bumaba na kayo.” Sasabihin ko, “Hindi ako makababa, nanay, dahil puno ng kimpal ang mga mata ko.” Mayroon akong—mayroon akong kung anong bagay dun, alam n’yo, lamig na namuo sa mata. Hindi ko maimulat, alam n’yo. Maliit na batang paslit pa ako noon na nakahiga roon, at sinusubukan ko at ni Humpy at kami na imulat ang aming mga mata at hindi namin magawa, nabulag na.

¹⁹⁴ Mangangaso ang lolo ko, nangangaso siya ng mga coon, mga raccoon. At ’yun ang lunas-sa-lahat sa bahay namin, ’yung langis ng coon. Nilalangisan namin ng langis ng raccoon ang mga sapatos. At kung mayroon kayong sakit sa lalamunan, hinahaluan nila ’yun ng kaunting turpentina at sadyang, oo, kailangan mo ’yung lunukin, nang ganoon, para sa sakit sa lalamunan.

¹⁹⁵ At kapag napuno ng kimpal ang mga mata namin, kukunin na ni nanay ang bagay na ito. . . . “Sige, saglit lang, anak.” Tumatakbo siya sa kusina’t kumukuha nitong malaking tasa ng langis ng raccoon at ilalapag ito roon, at paiinitan ito nang husto. At umaakyat siya’t minamasahe ang aming mga mata, kita n’yo, hanggang sa magkabisa ’yun. At pagkaraan ng ilang saglit ay nakakakita na ako, naimumulat ko na ang mga mata ko. Naimumulat. . . . Yung langis ng raccoon ang nagpapamulat.

¹⁹⁶ At sinasabi ko sa iyo, nagkaroon tayo ng isang matinding lamig ng hangin! Kita n’yo? Nagkaroon ng matinding panlalamig sa bansa. Sabi ng mga Baptist, “Ang mga araw ng mga himala’y lumipas na. Wala nang ganoong bagay na gaya ng Espiritu Santo, at wala nang pagsasalita ng iba’t ibang wika. Wala nang bautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus.” At, oh, lahat na ng uri ng malamig na hangin, at isinara nito ang maraming mga mata sa pamamagitan ng kung anong uri ng espirituwal na lamig. Kakailanganin ng higit pa sa langis ng raccoon para mabuksan ang mga matang ’yan, kapatid. Mangangailangan ito ng bagong bautismo ng Espiritu Santo. . . . para hilutin ang inyong mga mata’t makakita kayo, maalis ’yang tanaw n’yo na pangmalapitan lang para makita n’yong totoo talaga ang Salita ng Diyos. Ganoon nga. Oh, “ipinapayo Ko sa iyo na pumunta’t kumuha ka ng pamahid sa mata mula sa Akin, yaong uri na maipapahid sa inyong mga mata.” Nang sa ganoon kayo. . . . Para. . . .

¹⁹⁷ Ang mga doktor ng teolohiya’y may kani-kanilang. . . lahat na ng teolohiya, at hayan na ang kanilang mga pabango’t mga bagay-bagay, pero kinailangan ng higit pa roon. Kailangan ng Espiritu Santo upang magbigay ng espirituwal na pangitain upang makita ang paggana ng mga kapangyarihang Makalangit. Ang Espiritu Santo, ang pamahid ng Espiritu Santo! Ang pamahid ay isang mainit na langis, alam natin ’yan, at pagkatapos ang Espiritu Santo’y ang Langis ng Diyos.

198 At lahat ng mga teolohiya't pabango, "Oh, kapatid, na minamahal, nasa mabuti ka. Walang mali sa . . . Maayos naman ang lahat. Buweno, nasa amin nga ang pinakamalaking simbahan na mayroon sa lungsod." Hindi uubra ang pabangong 'yan! Hindi po! Ang ipapakita lang n'yan ay hanggang *dito* lang (pangmalapitan lang ang tanaw) at sasabihin, "Oo, nasa amin ang pinakamalaking simbahan." Pero papaano naman ang tungkol sa Paghatol na darating kapag pananagutin ka na ng Diyos, kayong mga miyembro ng iglesya ng Laodicea?

199 Hindi ako masyadong magsasalita rito, pero ako'y nasa teyp at maririnig ito ng buong mundo, kita n'yo, kaya pangungusap ito para sa halos ilang milyong tao sa sandaling ito, kita n'yo.

200 Kaya ganoon ito. Taga-Laodicea! Sala-sa-init sala-salamig! Tumalikod sa pananampalataya! Malapitan lang ang nakikita! Hindi ko alam kung ano pa. Mga mola! Ang mola'y isang hybrid, wala siyang sentido-kumon sa simula pa lang. At kung kakausapin mo siya, itataas niya 'yung malalaking tainga niya, gaganito, "Haw! Haw! Haw! Haw!" Wala ring kabaitan sa kanya. Isang siyang hybrid, nasa pagitan siya ng kabayo at asno. Yan ang nangyayari ngayon, pinagsasama n'yo ang mga Nicolaita at ang mga taga-Laodicea, at ang kalalabasan nito'y isang asno uli. Ang kailangan natin . . . Tama 'yan. Hindi nila alam. Sabihin mo man sa kanila ang tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, bautismo sa Pangalan ni Jesus. Sasabihin, "Haw! Haw! Ang pastor ko'y hindi kasi . . . Haw! Haw! Hindi kami naniniwala riyang bilang mga Presbyterian." Mga mangmang! Ganyan ang maitatawag mo rito . . . ? . . .

201 Ayaw ko sa isang mola. Pero sinasabi ko sa iyo, ang gusto ko'y isang mabuti't, maamong puro-ang-lahing kabayo, siyang, na matuturuan mo siya. Maaari mo siyang turuan na yumuko, at maipasok sa sirko, at halos gumawa ng kayang gawin ng isang tao, dahil siya'y . . . may nalalaman siya. Puro ang kanyang lahi. Hindi alam ng isang mola kung sino ang kanyang tatay o kung sino ang kanyang nanay, at hindi siya nakakapagparami. Ganyan ito rito sa ilan sa mga nauna na't, malamig, na pormal na mga denominasyon, na hindi na sila kailanman makakabangon pang muli. Sa sandaling ang iglesya'y pumasok sa isang denominasyon, patay na ito! Hindi na ito muling babangon. Ano ito? Ito'y hybrid!

202 Maayos si Martin Luther noon, pero noong siya'y mag-organisa ano ang ginawa niya? Maayos ang Methodist, pero noong siya'y mag-organisa ano ang kanyang ginawa? Maayos naman ang Pentecostes noon, pero noong inorganisa n'yo ito ano ang ginawa n'yo? Pinaging-hybrid n'yo ito, pinalahian n'yo ito sa isang Nicolaitang iglesya na Katoliko. Ganoon mismo ang ginawa n'yo! Kinuha ang kanyang paraan ng pagbabautismo, kinuha ang kanyang mga pamamaraan at mga gawi, at ang sabi ng Biblia, "Kayo'y anak na babae ng isang patotot, isang mababa

ang reputasyon na babae. Isang anak na babae ng mga patotot!”
Ganoon mismo!

²⁰³ Ang isang maganda’t puro-ang-lahi na kabayo, oo, siya’y maamo. Oh, siya’y mabuti, gusto ko siya. Ipinapatong ang kanyang ulo sa balikat n’yo, magiliw, mabait. Bakit? Alam niya kung sino ang tatay niya, alam niya kung sino ang lolo niya, alam niya kung sino ang tatay ng lolo niya. Maaari niyang balikan hanggang sa kanunu-nunuan, siya’y nanggaling sa mabuting purong lahi.

²⁰⁴ At gusto kong makakita ng totoong purong Cristiano! Hindi na dala-dala ang kanyang sulat: na isa siyang Methodist noong nakaraang sanlinggo, at Baptist naman sa sanlinggo, at Pentecostal naman ngayong sanlinggo, at isang Pilgrim Holiness na sa susunod na sanlinggo. Hindi niya alam kung sino ang tatay niya o kung sino ang nanay niya. Pero hayaan n’yong sabihin ko ito sa inyo, ang isang tao na ipinanganak ng Espiritu ng Diyos ay maaari kang dalhin pabalik hanggang sa Araw ng Pentecostes; masasabi sa inyo na siya’y purong, pentecostal! Amen! Gusto kong maging pentecostal mula sa tuktok ng aking ulo hanggang talampakan. Hindi ang denominasyong Pentecostal ang tinutukoy ko. Ang tinutukoy ko ay ang tunay na kapangyarihan ng nabuhay na mag-uling Cristo, ang tunay na Pagpapalang Pentecostal.

²⁰⁵ Pamahid sa mata, buksan n’yo ang inyong mga mata upang makatingin tayo roon pabalik at makita kung saan ito nagmula. Nakatingin lamang kayo sa kung ano ang iglesya ngayon; tumingin kayo sa nakaraan at tingnan kung saan ito nagmula, saka kayo magpatuloy papunta sa Diyos, malalayo kayo rito. Siyanga, po.

²⁰⁶ Buweno, may napansin pa akong isang bagay, sabi, “Sila’y hubad; hubad at hindi ito nalalaman.” Tunay.

²⁰⁷ Oh, hubad at hindi ito nalalaman. Ngayon, ang taong ganoon ay nasa isang kahabag-habag na kalagayan, kung ang isang tao’y aba, bulag, kahabag-habag, hubad. Ngayon, kung alam niya—kung alam niya ito, tutulungan niya ang kanyang sarili; pero kung hindi niya ito alam, ang kaawa-awang tao’y wala nga mismo sa katinuan. Tama ba? Whew! Medyo mabigat ’yun. Nawala na sa katinuan, hindi sapat ang kanyang nalalaman para tulungan niya ang kanyang sarili.

²⁰⁸ Kung makakakita ka ng isang taong dumadaan sa kalye, na maralita’t, kahabag-habag, bulag, aba, at hubad, at sasabihin mo, “Kapatid, hubad ka.” “Oh, ako ba? Oh, Oh, kapatid, sige’t tulungan mo ako sa kung papaano, tulungan mo akong makapagbihis.”

²⁰⁹ Pero kung lalapit ka sa kanila’t sasabihin, “Sabihin mo nga, natanggap mo na ba ang Espiritu Santo mula noong manampalataya ka?”

210 “Ano ka, isang holy-roller? Buweno, sabihin mo, anong ibig mong sabihin? Huwag mo nga akong kausapin ng ganyan, Presbyterian ako, Baptist ako, mula ako sa *ganito-at-ganyan* at *ganito-at-ganyan*.”

211 Hubad nga at hindi ito nalalaman! Ngayon, hindi ko sinabi ’yan, ang Biblia ang nagsabi n’yan tungkol sa kapanahunang ito, “Hubad at hindi ito nalalaman. Halika’t bumili ka sa Akin ng ilang damit,” ang sabi Niya.

... *mapuputing damit* ...

Ang puting damit ay para lang sa mga Banal; ito ang pagkamakatuwiran ng mga Banal. Kita n’yo?

212 Hubad? Oh, siyanga! Ganoon, nga! Oh, sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, hindi ganyan ang iglesya namin, ito ang pinakamagandang bihis na iglesya sa lungsod!” Hindi ko ’yan pagdududahan; anupa’t sabay sa pinakausong moda mismo, pinaka magagandang tabas ng materyales, pinaka makabagong suot ng mga sikat sa Hollywood, napakaseksi na maaakit mo ang pansin ng bawat lalaki sa kalye. Uh-hum. Siyanga.

213 Ang sabi sa akin ng isang binibini, sabi, “Kapatid na Branham, ibig mo bang iparating sa akin? Ngayon, binibili lang naman namin ang mga damit na ito mula sa tindahan at ganoon lang ang mabibili mo.”

214 Sabi ko naman, “Nagtitinda pa rin naman sila ng mga tela’t gumagawa ng mga makinang panahi. Hindi ’yan kapani-paniwalang palusot.”

215 Sabi ng Biblia, “Ang sinumang tumingin sa isang babae na may pagnanasa ay nagkasala na ng pangangalunya kasama ang babae.” Tama ba? Buweno, kung ganoon, kung bibihisang ng babae ang kanyang sarili nang seksi’t iniharap ang kanyang sarili sa isang lalaki, sinong dapat sisihin dito? Yung babae, dahil siya ang nagdulot nito. Ganoon na nga ’yun mismo.

216 Ngayon, maaari kang maging dalisay na gaya ng isang bulaklak na liryo sa iyong asawa. Maaaring kabataang babae ka pa lang na hindi kailanman nakagawa ng anumang karumihan sa iyong buhay, anupa’t isang birhen noong makasal ka sa iyong asawa. Pero kung nananamit ka naman nang ganoon at magsasanhi para pagtinginan ka ng mga lalaki nang paganoon, nakipangalunya na ang lalaki sa *iyong* sa puso niya. Noong tiningnan ka ng makasalanang ’yun. Bilang isang Cristiano maaaring nasa iyo na ang pinaka magagandang tabas ng damit sa lungsod, ang pinaka magagandang lana, pero hindi nararapat para sa isang Banal ng Diyos na manamit ka nang ganoon.

217 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Oh, oo, hindi dumarating sa isang anak ng Diyos.

218 “Oh, hindi,” sabi nila. Buweno, sabi nila, “Ang aming simbahan...” Maganda ba ang bihis n’yo? Sabi nila’y oo

raw. Sila'y "mayaman, hindi nangangailangan ng anumang." Tunay. Aba, sabi nila, "Maging ang pastor namin ay lumalabas na nakasuot ng napakahabang abito. Lumalabas ang lahat ng koro na nakasuot ng napakahabang toga." Ang diyablo'y nakabalumbon naman sa ilalim nito. Uh-hum. Uh-hum, siyanga. Oh! Hmm, hmm! Buweno, mas mabuting hindi ko na rin sabihin ang isang 'yun. Kaya, baka hayaan ko na 'yung isa pa. Buweno.

²¹⁹ Oh, lahat na ng magagarbong bagay na ito! Mga koro na nakasuot ng toga, mga upahang koro, na kailangan silang bayaran para kumanta. Hmm. Kailangang bigyan nang palabis ang mangangaral dahil kung hindi'y pipili siya ng panibagong simbahan na magbabayad sa kanya nang mas malaki. Ipatatawag niya ang lupon ng mga tagapangasiwa't sasabihin, "Ngayon, mga kapatid, ako—ako . . . naging napakabait n'yo sa akin dito, binibigyan n'yo ako ng *ganitong-karaming* daan-daan kada sanlinggo," o parang ganoon. "Pero 'yung kabilang Iglesya ng Presbyterian ng . . ." (Tawagin natin itong "Pentecostal" o kung ano man ito.) "sa kabila, pinangakuan nila—pinangakuan nila ako na bibigyan nila ako ng *lubhang* higit pa." Oh, naku!

²²⁰ Kung ganoon ay ano na lang ang matitira sa isang mahirap na banal? Anong oportunidad na lang ang mayroon sila? Ano na lang ang maiiwan sa isang mahirap na maliit na iglesyang puspos ng Espiritu Santo, anong uri na lang ng pagkakataon ang maiiwan sa kanila? Hindi nila kayang magbayad ng ganoon. Kaya nagbabangon mismo ang Panginoon ng isang bagay, amen, na pinili Niya Mismo, pinupuno ito ng Espiritu Santo at itinatalaga siya bilang pangkalahatang tagapangasiwa rito. Nagpapadala . . . Sinabi Niya, "Ipinapayo Ko sa iyo na pumaroon ka't bumili mula sa Kanya ng puting damit." Sabi ng Biblia, "Ang mga puting damit ay ang matuwid- . . . ng mga banal."

²²¹ Ngayon, naniniwala ako na tayo . . . Dumako na tayo sa—sa bandang ika-19 na talata ngayon. Naniniwala akong nasa mga ika-20 talata na ang tinatalakay natin, sa abot ng mainam kong nakikita. Oo, oo, at tayo'y magsasara na rito. Ngayon, maging tunay na taimtim na ngayon at makinig na habang tinatalakay natin ito. Makinig:

Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok . . . at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko.

Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.

222 Ito ang isa sa mga pinaka namumukod-tanging pahayag na nakita ko kailanman sa Bagong Tipan. Gusto kong pansinin n'yo, "Ako'y nakatayo sa pintuan at kumakatok." Karaniwan itong ginagamit, na isang sipi bilang panawagan para sa mga makasalanan. Tama ba? Sinasabi natin sa mga makasalanan, "Si Jesus ay nasa pintuan, kumakatok." Ngunit dito Siya'y kumakatok sa pintuan ng *iglesya* dahil minsan ay nakasama nila Siya, pero sila (dahil sa kanilang organisasyon at kamunduhan at kalamigan) ay initsa-puwera Siya. Nasa labas na Siya ng iglesya.

223 Ngayon, alalahanin n'yo, doon sa una sa mga kapanahunan ng iglesya, habang papatapos na tayo, naglalakad Siya sa gitna ng pitong kandelerong ginto (Tama ba?), ang pitong kapanahunan ng iglesya. At sa dulo nito, makikita natin Siya na nasa labas na ng anong iglesya? Ng Laodicea, ang iglesya ng Laodicea. Sa labas, kanilang initsa- . . . initsa-puwera Siya. Aba, nakatayo mismo Siya sa labas at sinusubukang pumasok muli. Nakakaawang eksena! Ang Tagapagligtas ng sanlibutan, nakatayo sa labas ng iglesya na Kanyang binili ng Kanyang Sariling Dugo. Marapat lang silang mahiya!

224 "Ako'y nakatayo sa pintuan at kumakatok." Pagkatapos na mapalabas o mapatalsik, ay sinusubukang pumasok muli, bumaling pabalik at kumatok sa pinto. Ito ang pinakamatinding tala sa Bagong Tipan. Sa palagay ko'y wala nang mas lulungkot pa kaysa rito, na makita ang Tagapagligtas ng sanlibutan na initsa-puwera sa Kanyang Sariling iglesya, sa kapanahunan ng Laodicea. Pagkatapos Niyang sabihin sa kanila kung ano ang ginawa nila, ang pagiging mayaman nila't lahat na, at kung ano sila, at kung papaanong sila'y sala-sa init sala-sa lamig at iba pa, at kanilang—kanilang. . . sila. . . Hindi na Niya sila kailangang isuka, sila mismo ang sumuka sa *Kanya*. At narito ang lahat ng 'yun, kumakatok pa rin sa pinto, sinusubukang pumasok muli. Para saan? Upang bigyan sila ng Buhay na Walang Hanggan. Ang mismong mga pumatay sa Kanya sa Kalbaryo, sinisikap Niyang ilitas ang kanilang kaluluwa. Ito ang pinaka kalunos-lunos na eksena na nakita ko kailanman sa buhay ko, na naisip kailanman.

225 Initsa-puwera! Saan Siya initsa-puwera? Ngayon, pakinggan n'yo, mga kaibigan. Kung hindi ba't ang bigat nito! Bulayin n'yo ang eksenang ito, hayaan n'yong bumaon ito sa inyong puso. Ang ating Tagapagligtas, noong Siya'y nasa lupa, initsa-puwera Siya sa Kanyang Sariling bansa. Siya'y tinanggihan, Siya'y initsa-puwera. Initsa-puwera Siya ng mundo't ipinako Siya sa krus. At ngayon, maging mula sa Kanyang Sariling iglesya na mismo, Siya'y initsa-puwera. Hindi Siya tinatanggap kahit saan, hindi Siya kailangan. Mayroon na silang denominasyon, kaya hindi na nila Siya kailangan. Mayroon na silang papa, para saan pa na kakailanganin nila

Siya? Mayroon na silang arsobispo, isang pangkalahatang tagapangasiwa, wala na silang gamit para sa Espiritu Santo. Hindi na nila kailangan pa Iyon. Si Cristo, ang Espiritu Santo, hindi nila Siya kailangan. Kaya sila'y . . .

²²⁶ Hindi ako naniniwalang basta na lang tumayo sila't itinapon Siya palabas, dahil hindi naman nila Siya kinalimutan. Hindi nila Siya kinalimutan, dahil umaawit pa rin naman sila sa Kanya. Nangungusap pa rin naman ang mangangaral tungkol sa Kanya, kaya hindi nila Siya kinalimutan. Pero sa kanilang sariling pagka-makasanlibutan at kanilang organisasyon, pag-oorganisa, sa pagsasabi ng, "Ang mga araw ng mga himala'y lumipas na't wala nang *ganito* at *ganoon*."

²²⁷ Tatanungin ko kayo. Bawat rebaybal na dumating kailanman (kahit ano, kayong mga mananalaysay), ngayon, simula rito hanggang sa dulo, sa mga iglesyang ito, bawat rebaybal na dumating kailanman, ang . . . lagi itong nagsisimula sa labas ng isang organisasyon. Bawat isa na nagsimula ng rebaybal kailanman, ay nasa labas ng mga organisasyon. At sa tuwing may—may rebaybal na sisimulan, mayroon silang mga tanda't himala ng pagsasalita ng iba't ibang wika at mga pagpapagaling, at iba pang tulad nun, na nagaganap. Sa sandaling namatay ang tagapagtatag nun, saka nila ito inoorganisa't gumagawa ng isang organisasyon mula rito, at dumidire-diretso sa "pagkamatay" at hindi na ito kinakaugnay ng Diyos kailanman. Ganoon na nga mismo.

²²⁸ At heto na Siya sa huling kapanahunan ng iglesya, na nakatayo sa labas ng pintuan, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Talagang—talagang dinudurog nun ang puso ko kapag naiisip ko 'yun. Ang aking Panginoon ay nakatayo sa labas ng pintuan ng Kanyang Sariling iglesya, matapos itulak palabas ng pagka-makasanlibutan at kalamigan at denominasyon at pagsasawalang-bahala, nakatayo sa labas ng pinto, kumakatok, sinusubukang pumasok muli. Noong naisip ko 'yun, kanina, napasandal na lang ako sa mesa ko't nagsimulang umiyak. Inisip ko . . .

²²⁹ Madalas kong naiisip, noong nakaupo si Jesus sa bahay nung Fariseong 'yun doon, walang pumansin sa Kanya, noong marurumi ang Kanyang mga paa. Hindi kasi nila Siya sinalubong sa may pintuan at hinugasan ang Kanyang mga paa't pinahiran Siya ng langis, napasama ang dumi't kung anu-anong marumi sa nilalakaran Niya; na 'yung Kanyang damit ay wumawasi-wasiwas dun, kumapit 'yung baho ng kalsada kung saan dumaraan ang mga kabayo at kung ano pa, at—at nakuha Niya 'yung alingasaw na 'yun.

²³⁰ Lagi nilang hinuhugasan ang mga paa, 'yun ang kaugalian. At may tagahugas ng mga paa lagi na nagbabantay sa may pintuan. At kapag may tao na dumarating, hinuhugasan nila ang

mga paa nito, at kukuha roon at bubunot ng isang maliit na pares ng sandalyas na kasya sa tao, isinusuot ito. At pinapahiran nila ng langis ang kanyang ulo at ang kanyang . . . at pinababango ang tao, at ang pamumula sa kanyang leeg mula sa sinag ng araw, susuklayan ng buhok 'yung tao. Papapasukin na siya.

²³¹ At ang pagtanggap sa bisita, ngayon sa ganitong paraan nila . . . Tumayo ka rito sandali, Pat, may gusto akong ipakita sa inyo. Ganito ang ginagawa nila, ganito ang pagtanggap nila. Ngayon, sa tingin ko . . . Hindi diyan, sa banda rito, haya't sa tingin ko'y ganito 'yun, 'yung pagsalubong ay *paganito*, kita n'yo, at magyayakapan. At 'yun 'yung malugod na pagtanggap.

²³² Pero noong dumating si Jesus sa piging na 'yun, katulad ng pagdating Niya sa Pentecostal na piging dito, Siya'y napalampas. Labis kasi ang pagkawili ng mga tao sa kanilang pagdiriwang, naroon ang mga obispo't iba pa. Inanyayahan si Jesus pero walang naghugas ng Kanyang mga paa. At doon Siya'y nakaupo sa sulok, marahil ay hindi nila alam na naroon pala Siya, na mabaho ang Kanyang mga paa, puno Siya ng dumi, maalikabok.

²³³ At pagkatapos ay may isang mahirap na patotot doon sa kalye na pumunta roon, mayroon lamang siyang kaunting pera sa isang supot. At tumingin siya't nakita niya si Jesus na nakaupo roon na may maruming paa. Nabagbag ang puso niya. Sabi niya, "Iyon ang lalaking nagpatawad sa babaeng 'yun sa kanyang mga kasalanan. Iyon ang lalaking narinig ko na nagpapagalang. Bakit hindi nila Siya pinapansin?"

²³⁴ Dahil ang mga obispo't lahat sila na naroon, initsa-puwera nila Siya. Doon Siya . . . Inanyayahan nila Siya na pumunta.

²³⁵ Ganoon ang ginagawa natin. Inaanyayahan natin Siya na pumunta sa ating mga pagtitipon, pero mangyari nga na kapag dumadalo tayo'y ikinahihiya naman natin Siya. "Oh, hindi ako tatayo at sasabihin 'Purihin ang Panginoon.' Oh, hindi, nakaupo roon ang mga Jones, baka akalain pa nilang isa akong holy-roller." Isa kang ipokrito! Siyanga. "Natatakot akong makapagsalita ng iba't ibang wika't bansagan nila akong 'wika-wika.'" Isa kang kahabag-habag na sawimpalad!

²³⁶ Ngayon, tandaan n'yo, ganyan ang nangyayari, kita n'yo. Kayo'y kahabag-habag, na aba't, maralita, hubad, at bulag, at hindi n'yo ito nalalaman.

²³⁷ Nakaupo roon si Jesus na hindi nahugasan ang mga paa. At isang patotot sa kalye, nakikinita ko siyang pumunta, ating-ating pag-usapan . . . talakayin natin siya sandali. Nakikinita ko siyang pumunta sa tindahan, at ang sabi niya, "Ako . . ." At nagsimulang tumulo ang mga luha sa kanyang mukha, at sabi niya, "Hindi ko—hindi ko 'yun maaatim. Kung—kung—kung dadalhin ko ang bagay na ito roon, malalaman Niya kung

saan ko nakuha ang salaping ito. Alam Niya kung papaano ako nagkaroon nito, pero ito lang ang mayroon ako.”

238 Iyon lang ang gusto Niya. Iyon lang ang gusto Niya. Kita n’yo? Wala Siyang pakialam. Lumapit ka lamang, “Walang anumang dala sa aking mga bisig.”

239 Kaya kumuha siya ng kaunting pamahid at dinala niya ’yun. At nagpunta siya roon at sa isip-isip niya, “Oh, kung makikita ko lamang Siya!” At pagkatapos ay pumuslit siya’t nakapasok sa may pintuan sa kung saan man.

240 At, hindi, hindi nila Siya sinalubong nang malugod. Kaya kinuha ng babae ang sisidlan ng alabastro at binasag ito at inilagay sa kanyang. . . sa mga paa ni Jesus, at nagsimulang hugasan ang Kanyang mga paa. At napaiyak ang babae, “Oh, tiyak na Siya talaga ito. Ito na Yaong palagi kong nababasa sa Biblia. Alam kong kikilalanin Niya ito.” At bigla na lang. . . Napakagandang tubig para sa Kanyang mga paa, mga luha ng pagsisisi na pumapatak sa Kanyang mga paa. Walang basahan ang babae para punasan ang mga paa ni Jesus, kaya umabot siya’t ginamit ang kanyang buhok. Lumadlad ang magagandang kulot ng kanyang buhok, tumutulo ang mga luha sa mukha niya nang paganoon. Hinugasan niya ang Kanyang mga paa, at paminsan-minsan ay kanyang, “*hinahalikan,*” hinahalikan ang mga paa Niya, na hinuhugasan ang mga paa Niya nang paganoon.

241 Si Jesus na may maruming mga paa, at walang sinumang nagbigay-pansin dito. At ngayon dala-dala Niya ang isang maruming pangalan na holy-roller, *ganoon* o kung *ano pang* gaya nun, at ang mga kalalakihan ay walang lakas ng loob na manindigan para sa Kanya!

Itong krus na inilaan ay aking ipapasan,
Hanggang sa kamatayan ako’y pakawalan,
Doon ako tatahak sa daan na kasama ng ilan
na kinamuhian dahil sa Panginoon,
Ako’y tatahak na mismo kasama si Jesus, Oh
Panginoon, patnubayan Mo ako.

242 Patnubayan Mo ako, Panginoon, anuman ang kapalit nito, mayroon nga akong, gaya ng kay Jacob, na isang unan, na bato. Ano ang magiging kaibhan? Ang ginawa Niya para sa akin!

243 At itong kaawa-awang patotot doon, umiiyak, tumatangis. At bigla na lamang, hetong tumayo si Simon, ang bantog na lalaking nagpapunta sa Kanya roon, sabi, “Uhm, uhm, uhm, uhm! Ipinapakita n’yan kung Siya ba talaga’y isang propeta o hindi, matatalos Niya kung anong uri ng babae ’yan.” Talagang ang ipokritong ’yun!

244 Kaya pagkatapos nung babae. . . At hindi iginalaw ni Jesus ang Kanyang mga paa, umupo lamang Siya’t tumingin sa babae’t

pinagmasdan siya. Oh, gusto ko 'yan. Hindi ang malalaking bagay na ginagawa natin, kundi yaong maliliit na bagay na hindi natin ginagawa kung minsan ang mahalaga. Pinagmasdan Niya ang babae, pinagmasdan lamang siya na nakaupo roon. Walang pumapansin kay Jesus; sa huli'y, ang babae na naroon umiiyak at hinuhugasan ang Kanyang mga paa, para bang nakatawag-pansin ito, nakuha ang pansin ng mga tao. At pinagmasdan lamang Niya ito, hindi umimik.

²⁴⁵ Si Simon na nakatayo roon, haya't nagsabi, "Uhm! Nakita n'yo na kung Siya ba'y isang propeta o hindi, hindi ba? Sinabi ko na sa inyo! Sinabi ko na sa inyo! Kung talagang isa Siyang propeta, dapat alam Niya kung sino ang babaing 'yan. Kita n'yo, kami ang dakilang iglesya rito, kita n'yo, alam namin, na ganyan. Alam naming hindi Siya isang propeta, disin sana'y alam Niya ito."

²⁴⁶ Pagkatapos niyang. . . Pagkatapos na matapos ng babae, na ang mga luha ng pagsisisi na dumadaloy sa kanyang mukha, ay humugas sa mga paa ni Jesus. Siya. . . Naniniwala akong medyo naginghawaan Siya.

²⁴⁷ Oh Diyos, talagang ikagagalak ko kung naroon lang sana ako! Huhugasan ko pang uli 'yun. Siyanga, po.

²⁴⁸ Naku, hindi ba't mahihirapan ang isang babae na punasan 'yung mga paa na 'yun gamit ang kanyang buhok sa panahon ngayon? Kakailanganin niyang tumiwarik sa kanyang ulo para magawa 'yun, upang makapagladlad ng sapat na buhok upang punasan ito. Siyanga, po, pinutol na niya kasi ito.

²⁴⁹ Ngunit doon, sa mga paa ni Jesus, wala man lang nagbigay. . . (pinulaan pa), nakaupo roon na pinahiya, na grabe ang alingasaw na 'yun sa Kanyang mga paa. Hinugasan Siya nito. Noong Siya'y—noong Siya'y mahugasan na, tumingin Siya sa babae na para bang sinasabi, "Buweno."

²⁵⁰ Tumingin, ang sabi, "Simon, may sasabihin Ako sa iyo. Inanyayahan mo Ako rito, at hindi mo Ako sinalubong sa pintuan. Hindi mo Ako binigyan ng anumang tubig upang ipanghugas ng Aking mga paa. Hindi mo pinahiran ng langis ang Aking ulo noong pumasok Ako, para maalis sa Akin ang paso ng araw. Hindi mo Ako pinagkalooban ng kahit anong halik ng pagtanggap noong pumasok Ako. Pero itong hamak na babae," (Oh, grabe.) "itong taga-labas, isang patotot sa lansangan, wala siyang tubig na maipanghuhugas sa Aking mga paa at hinugasan niya pa rin ang mga ito gamit ang kanyang mga luha. Wala siyang pamunas sa mga ito, kaya ginamit niya ang buhok niya't, pinunasan niya ang mga ito. Paulit-ulit niyang hinalikan ang Aking mga paa. Ngayon gusto kong sabihin sa iyo: ang kanyang mga kasalanan, na marami, ay pinatawad na sa kanya." Ganoon nga, walang sinabing anuman tungkol sa kasalanan ni Simon. "Ang iyong mga kasalanan, na marami, ay pinatawad na."

251 At ngayon habang si Jesus, ay nakatayo sa labas ng pintuan ng mga organisasyong Pentecostal, mga organisasyong Baptist, mga organisasyong Methodist, na nagsisikap na bumalik muli kalakip ang pentecostes, at dinadaan-daanan lang Siya ng mga tao. Pagkatapos na inyong... ipinagtulakan Siya palabas ng iglesya ng inyong pagka-makasanlibutan at mga bagay-bagay, nakatayo Siya, sinisikap, namamanhik na makapasok muli. At, oh, ito ang pinakakalunos-lunos na bagay na nakita ko kailanman sa aking buhay. Hindi Siya kailangan! Siya, hayan sa labas, kumakatok, sinisikap na makapasok. Iyan din mismo ang bagay na sinisikap Niyang gawin. Bakit? Bakit? Nasa labas kasi Siya.

252 Hindi naman nila Siya iwinaksi kailanman. Umaawit pa rin sila tungkol sa Kanya, nangangaral tungkol sa Kanya, pero hindi man lang Siya inalalang hanapin sa kanilang kalagitnaan. Ganoon nga. Nagpapatuloy lamang sila. Bakit? Pangmalapitan lamang ang kanilang paningin. Nakatingin sila sa malaki nilang gusali. Mayaman sila. Nakatingin sila sa malaking organisasyon na kinabibilangan nila, habang sinusubukang palakihin ito, nagpapapasok ng mas maraming miyembro, at hindi nila Siya inalala. Hindi, hindi. Hindi nila inalala ang pagsasalita ng iba't ibang wika. Hindi nila inalalang hanapin ang dakila't, makapangyarihan na mga mensahe ng Diyos na Siyang humihiwa hanggang sa puso at tinutuli ang puso, na pinipigtal ang mga bagay ng sanlibutan at tinatalupan ka na parang isang pirasong mais. Oh, sila...

253 Kapag mangangaral ka nang ganyan sa simbahan nila, sisipain ka nila palabas. At ganoon ang paraan ng pangangaral ng Espiritu Santo. Sabi ni Jesus, "Kayong lahi ng mga ulupong! Kayong—kayong mga ahas sa damuhan!" At ganoon din si Juan, at ang mga dakilang pinahirang kalalakihan, haya't animo'y tinatalupan sila. Ganoon nga.

254 Pero hindi nila Siya inaalalang hanapin, dahil wala sila Nun. Kita n'yo? Kaya't mayroon silang munting mabulaklak na bagay na tumatapik sa kanila sa likod, at sinasabi, "Umanib ka lang, ilagay mo ang pangalan mo rito, at—at tatanggapin ka namin sa iyong pakikisapi. At kunin mo ang papel mo sa kabilang iglesya't tatanggapin ka namin, at—at kung ano pa. Ngayon, ang iyong pangakong kontribusyon ay magkano nga ba bawat taon?" Kita n'yo, ganoon nga, "Mayaman, hindi nangangailangan ng anumang." Oh! Pero kailangan n'yo ang pinaka dakilang bagay at wala kayo Nito, kaya nakatayo si Jesus sa labas na nagsisikap na makapasok muli dala ang pentecostes.

255 Ano kaya sa palagay n'yo ang mangyayari ngayong gabi sa iglesyang Methodist kung bababa ang Espiritu Santo sa simbahan at nagsimula silang magsisigaw, tumalon, magsalita ng iba't ibang wika't umakto na animo'y mga lasing... grupo ng mga lasing? Aba, patatalsikin sila ng—ng Konseho nung

iglesyang Methodist mula sa Konseho. Alam n'yo 'yan. Ano kayang mangyayari sa iglesyang Baptist kung mangyari ito? Parehong bagay ang mangyayari. Mga Pentecostal? Aba, marami na sa kanila, pareho mismo ang nangyari. Oo naman. Siyanga, po, hindi nila papayagan ang ganyang walang kabuluhan na bagay. Sasabihin nila, "Aba, dinungisan pa nila ang mga bago nating alpombra." Uh-hum, sigurado. Grabe! Grabe! Grabeng kahabag-habag na grupo nila. Siyanga.

²⁵⁶ Buweno, siyanga't, minsan nilang nakasama Siya, lumakad Siyang kasama nila sa gitna ng pitong gintong kandelerero. At narito ang tugon: mga denominasyon at ang kanilang mga makasanlibutang bagay, ang kanilang mga obispo, mga kardinal, at ang lahat ng kanilang pagka-makasanlibutan, ang nagpatalsik sa Kanya't hindi nila Siya inalalang hanapin man lang. At ang iglesya . . .

²⁵⁷ Ngayon, ano ang gagawin natin para maibalik Siya? Kung nasa labas na Siya ng iglesyang Pentecostal ngayon, ano ang gagawin natin para maibalik Siya? Mangangailangan ba ng nagkakaisang boto ng mga tao para maibalik Siya? Kakailanganin ba ang paghirang ng isang bagong papa, bagong kardinal? O marahil kakailanganin ba—kakailanganin—kakailanganin ba ng pagtatayo ng isang bagong denominasyon. Hindi 'yun ang kailangan! Hindi 'yun kailanman uubra. Hindi 'yun magagawa ng isang bagong denominasyon, hindi ito magagawa ng isang bagong—isang—isang—isang—isang—isang bagong kardinal, hindi ito magagawa ng isang bagong pastor, hindi ito magagawa ng isang may mataas na suweldong ebanghelista. Wala nang magagawa pang kahit ano sa mundo kundi ang sarili mo mismo. Paano natin Siya maibabalik? Hindi sa pamamagitan ng boto. Hindi, po. Hindi natin inihalal si Jesus pabalik, dahil hindi Siya papasok sa ganoon.

²⁵⁸ Heto't ganito ito—heto't ganito, "Kung diringgin ng sinuman ang Aking Tinig at bubuksan ang pinto." Ngayon, alam na natin kung ano ang pinto na 'yan. "Kung bubuksan ng sinuman ang pinto, diringgin ang Aking Tinig."

²⁵⁹ Hindi—hindi "Sa kung anumang iglesya . . . Sa kung anumang organisasyon . . ." Hindi, po. Hindi siya nakikitungo sa kanila, patay na sila't wala na sa simula pa lamang. Kinamumuhian Niya ito, noon pa ma'y Kanya nang kinamumuhian. Sinabi Niya na kinamumuhian Niya ito! At kinamumuhian pa rin Niya ito ngayong gabi!

²⁶⁰ "Subalit kung ang sinuman," sinumang Methodist, sinumang Baptist, sinumang Presbyterian, o sinumang Katoliko, sinumang Church of God, sinumang Nazarene, Pentecostal. "Ang sinumang dirinig ng Aking Tinig at magbubukas ng pinto, Ako'y papasok at kakaing kasalo niya at siya'y kasalo Ko." Iyan ang mensahe sa iglesyang Pentecostal. Hindi subukang

buhaying muli ang organisasyong Pentecostal, kundi buhaying muli ang Pagpapalang Pentecostal sa puso ng indibiduwal. Iyan ang tanging paraan. “At Ako’y kakaing kasalo niya, at siya, Ako.”

²⁶¹ Anong itinuturo ng mensahero sa iglesya...na mensahe sa iglesya sa atin kung ganoon, na itinuturo—itinuturo sa atin? Hindi ang paglago sa Espiritu. Hindi, po. Paghina ng Espiritu, dumadanas tayo ng paghina sa tuwina. Ang paraan... Kinondenang mga—mga mensahero sa iglesya at ng mensahe sa bawat kapanahunan ng iglesya ang pagka-denominasyon. Bawat mensahe sa iglesya, haya’t pahina nang pahina ang iglesya at ayaw makinig Dito. Tinatakuwil ng—ng mensahe sa iglesya ang mga denominasyon. At nagbunsod ito ng pagusbong ng mga Cristianong hybrid, kung tawagin, ganoon nga, na walang alam tungkol sa Diyos o sa Espiritu Santo. Yan nga’y kasing totoo ng pagkakatayo ko sa entabladong ito ngayong gabi. Ang mababait na mga miyembro na sala-sa-init sala-salamig, na anupa’t para lang isuka mula sa Kanyang bibig.

²⁶² Nagbabala si Pablo noon, ang mga Gentil ay isang sanga. Ngayon, ibig kong ang ilan sa inyo, kung mamarapatin n’yo, na bumuklat sa Mga Taga-Roma, ika-11 kabanata, sa ika-15 hanggang ika-27 talata, para mamarkahan n’yo ito, kayong lahat. At pagkatapos, dahil atrasado na, sisiipiin ko lang ito sa inyo ngayon bago lamang umuwi, dahil ito’y isang... Ngayon, mga Taga-Roma, kung gusto n’yo itong isulat, 11:15 hanggang dalawampu’t-... hanggang 27. Sinabi ni Pablo sa kanila, sinabi, kausap niya ang mga Gentil doon, ang mga Romano, ang sabi niya, “Kung ang Diyos...” Ngayon, pakinggan n’yo habang nagtatapos na tayo sa mga kapanahunan ng iglesya! Sabi ni Pablo, “Kung...Hindi pinanghinayangan ng Diyos ang orihinal na puno ng olibo, kundi pinutol ito dahil sa kawalan ng pananampalataya.”

²⁶³ Tama ba? Ano ang dahilan sa pagkaputol sa kanila? Dahil tinanggihan nila ang pentecostes. Tama ba? Sa Araw ng Pentecostes ay pinagtawanan nila’t nilapastangan ang Espiritu Santo.

²⁶⁴ Noong narito si Jesus sa lupa, sinabi Niya...Tinatawag nila—tinawag Siyang, “Beelzebub,” sabi “Isa Siyang demonyo,” at “Siya’y isang manghuhula,” kung anu-ano pa.

²⁶⁵ Sabi Niya, “Pinatatawad Ko kayo sa bagay na ’yan, ngunit kapag dumating ang Espiritu Santo ay huwag kayong magsalita laban Dito; dahil kung magsalita kayo ng laban Dito, hindi na kayo kailanman patatawarin.”

²⁶⁶ At alalahanin n’yo noong inatasan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na, “Huwag pumunta sa mga Gentil.” Tama ba? “Kundi pumunta sa mga naliligaw na tupa ng Israel.”

²⁶⁷ Paano nilang hinatulan ang kanilang mga sarili? Sa pamamagitan ng paglapastangan sa Espiritu Santo, tinatawag ang Espiritu ng Diyos na “isang bagay na marumi.” Pinagtawanan Siya noong nagsasayaw sila sa Espiritu, at iba pa, noong Araw ng Pentecostes. Ang siya ring lungsod na ’yun, pinagtawanan nila Ito, kaya pinatay sila ni Tito doon at ang kanilang dugo’y umagos sa daanan ng pintuang-bayan. Kinain nila ang sarili nilang mga anak, at lahat na, sa siya ring siglo na ’yun. At siyanga. Ang isa sa mga pinaka dakilang bansa sa mundo’y naging pinaka mababa, at nagkalat maging sa la-...apat na hangin ng lupa. Dahil bakit? Kawalan ng pananampalataya! At ’yun ang orihinal na tuod, ang orihinal na puno, ang Israel.

²⁶⁸ At hindi ba sinasabi ni Pablo roon? Sino na ang nakahanap sa naturang Kasulatan diyan? Nahanap mo ba riyan, Pat? Tumayo ka’t basahin mo mula ika-15 hanggang ika-27 talata. [Binabasa ni Kapatid na Pat ang Mga Taga-Roma 11:15-27—Pat.]

[Sapagka’t kung ang pagkatakawil sa kanila ay siyang pakikipagkasundo ng sanglibutan, ano kaya ang pagtanggap sa kanila—sa kanila, kundi buhay mula sa mga patay?]

[At kung ang pangunahing bunga ay banal, ay gayon din ang lahat: at kung ang ugat ay banal, ay gayon din ang mga sanga.]

[Datapuwa’t kung ang ilang mga sanga’y nangabali, at ikaw, na isang olibong ligaw, ay isinanib ka sa kanila, at ikaw ay naging kabahagi nila sa ugat ng katabaan ng punong olibo,]

[Huwag kang magpalalo sa iyong sarili sa mga sanga. Datapuwa’t kung magpalalo ka, ay hindi ikaw ang nagkakandili sa ugat, kundi ang ugat ang nagkakandili sa iyo.]

[Sasabihin mo nga, Ang mga sanga ay nangabali upang ako ay makasanib.]

[Mabuti; sa kawalan nila ng pananampalataya ay nangabali sila, . . .]

Pakinggan n’yo, “kawalan ng pananampalataya.” Buweno, sige.

[. . .at sa iyong pananampalataya’y nakatayo ka. Huwag kang magpalalo kundi matakot ka:]

[Sapagka’t kung hindi nga pinatawad ng Dios ang mga talagang sanga, ikaw man ay hindi patatawarin.]

[Masdan mo nga ang kabutihan at ang kabagsikan ng Dios: sa nangahulog, ang kabagsikan; datapuwa’t ang sa iyo, ay kabutihan ng Dios, kung mamamalagi ka sa

kaniyang kabutihan: sa ibang paraan ay ikaw man ay puputulin.]

[At sila naman, kung hindi mangagsisilagi sa di pananampalataya ay mangakakasanib: sapagka't makapangyarihan ang Dios upang sila'y isanib na muli.]

[Sapagka't kung ikaw ay pinutol doon sa talagang olibong ligaw, at laban sa kaugalian ay isinanib ka sa mabuting punong olibo: gaano pa nga ang mga ito, na mga talagang sanga, na mangakakasanib sa kanilang sariling punong olibo?]

Hmm!

[Sapagka't hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling mga haka; na ang katigasan ng isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Gentil.]

[At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng nasusulat, Magbubuhay sa Sion ang Tagapagligtas, Siya ang maghihiwalay sa Jacob ng kalikuan:]

[At ito ang aking tipan sa kanila, pagka aalisin ko ang kanilang mga kasalanan.]

²⁶⁹ Nauunawaan n'yo ba Ito? Sabi ni Pablo, “Kung umahon ang Israel at nakita ang mga tanda rito ng Espiritu Santo, at pinutol . . .” Tandaan, dahil tinanggihan nila ang mensahe ni Pablo (ang bautismo sa Pangalan ni Jesus, pagsisipi at bautismo sa Pangalan ni Jesus, mga tanda at kababalaghan na sumusunod sa mananampalataya), at tinanggihan nila Ito. At kaya sinabi nila: “Narito, kami ay pasasa mga Gentil.” Tama ba?

²⁷⁰ Tingnan natin, naniniwala akong ito'y sa . . . kung saan sila unang tinawag na mga Cristiano, ay nasa Efeso, o, sa Antioquia.

²⁷¹ Ngayon—ngayon kung—kung ang unang puno ay banal, ang mga sanga nito ay banal, ang orihinal na puno, at dahil hindi nila pinaniwalaan ang Mensaheng Pentecostal na ipinangangaral ni Pablo noon (Ganoon nga ba?), pinutol sila ng Diyos at kumuha ng isang ligaw na puno ng olibo (haya't ang mga Gentil, tayo) at inihugpong tayo upang mabuhay tayo sa sang- . . . sa sustansya ng punong 'yun.

²⁷² Ngayon, gaano pa kaya sa panahon ito kung kailan tinatanggihan natin ang Mensaheng Pentecostal na dumaan sa mga kapanahunan ng iglesya, gaano pa kayang magagawa ng Diyos na alisin ang dati nang ligaw na punong 'yun mula rito, sa anumang paraan, at ilagay 'yung isa? Dahil tatanggihan niya Ito, dahil sa kawalan ng pananampalataya. Ngayon isinugpong n'yo 'yan sa aralin kaninang umaga. Alam n'yo na ngayon ang tinatayuan natin, hindi ba? Nasa huling panahon na tayo para sa pagkuha sa Iglesyang Gentil, ang Pag-agaw para Rito; at

ang pag-uumpisa ng Espiritu Santo na darating sa mga Judio, at upang ipakilala na ni Jesus ang Sarili, upang tatakan ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Hayan nga. Muli nang ibinabalik ang orihinal na puno (pabalik sa Pagpapala) sa Israel.

²⁷³ Hindi tatayo si Jesus sa labas ng inyong pintuan at kakatok nang habang-panahon. May oras na hihinto na Siya't aalis na, pagkatapos ikaw naman ang kakatok pero hindi mo na Siya masusumpungan. Lumapit na kayo habang may panahon pa. Lumapit na kayo habang may kumakatok pa. Huwag kayong makikipagkompromiso sa anumang bagay na mas mababa kaysa sa bautismo ng Espiritu Santo gaya ng natanggap nila noong Pentecostes, na may parehong uri ng bautismo sa tubig, parehong mga bagay na ginawa nila noon. Huwag n'yong hahayaang ang kahit ano na maglagay ng anuman sa inyong puso na mas mababa rian.

²⁷⁴ Ngayon, sa inyo na mga kaibigan kong Katoliko, hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo, sa inyo na naniniwala sa birheng Maria. Ang Birheng Maria, bilang ina ni Jesus Cristo, ay kinailangan ngang pumunta sa Pentecostes at mapuspos ng Espiritu Santo, at umakto siya na parang taong lasing. Kabilang siya sa kanila na isang daan at dalawampu, na nakatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo, nagsalita ng iba't ibang wika at umakto na parang lasing na babae roon, sa ilalim ng Espiritu ng Diyos. At kung kinailangang gawin 'yun ng birheng Maria upang makapasok sa Kaluwalhatian, papaano pa kaya kayo makakapasok Dito, sa pamamagitan ng bagay na mas mababa roon? Bulayin n'yo 'yun. Siyanga.

²⁷⁵ Mga Baptist...Gustong matiyak nung mangangaral na Baptist na 'yun dito na masabi rin ito sa mga Baptist. Ang bagay na ito'y para sa kaninuman, hindi ko alintana kung sino man ito.

²⁷⁶ Kaya yaong pag-anib lamang sa simbahan at pag-uusal ng kung anong kredo, at pagsisimba tuwing Linggo ng umaga, wala 'yang maidudulot sa inyo ni katiting man na kabutihan. Kinukutya n'yo lamang ang Diyos. Dapat maging isa kang tunay na Cristiano o huwag nang maging anupaman. Dapat maging mainit ka o malamig ka. Alinman sa maging labas...Dahil hindi ka puwedeng maging...Hindi pa kayo kailanman nakakakita ng itim na ibon pero puti, hindi pa kayo nakakita ng lasing na tao pero hindi lasing, hindi pa kayo nakakita ng isang makasalanan na banal. Hindi, hindi pa kayo nakakita, walang ganoon. Ikaw nga'y maaring puspos ng Espiritu Santo at nabubuhay ang Diyos sa iyo, o hindi ka kailanman ganoon. Ikaw—Ikaw nga'y ganoon o hindi ka ganoon.

²⁷⁷ Kung kaya't dapat mong—dapat mong alalahanin na nakatayo si Jesus sa iyong pintuan, at alalahanin n'yo ang pangako ng Diyos na Siya nga'y nasa labas na kakatok sa mga araw na ito, dahil sa ano? Pagtangga. Ano ang sanhi ng

pagkaputol ng Israel, ang orihinal na puno? Dahil tinanggihan nila ang Pentecostal na Mensahe ni Pablo. At naniniwala ba kayo na ito na ang huling kapanahunan ng iglesia? Sinabi ng Bibliang ganoon nga! At ano raw ang mangyayari sa kanila? Sila'y puputulin dahil sa pagtangi sa Pentecostal na Mensahe, at pagkatapos ay babalik muli ang Diyos sa mga Judio.

278 At ang buong Israel pagkatapos ay maliligtas, dahil kukunin Niya sila bilang isang bansa, hindi bilang indibiduwal. Pero sa inyo at sa akin ay ito'y pang-indibiduwal, dahil dumating Siya sa mga Judio. . . Mga Gawa, sa Aklat ng Mga Gawa, pumunta Siya sa mga Gentil upang kumuha ng "isang bayan mula sa mga Gentil para sa Kanyang Pangalan," Kanyang Nobya. "Isang bayan," isa rito, isa roon, isa sa dako rito, at nakikitungo Siya sa atin bilang mga indibiduwal, at anuman ang lahi, kredo, o kulay. Nakikitungo Siya sa atin bilang mga indibiduwal, ito ang Kanyang palumpon na ilalagay Niya sa Kanyang altar. Pero bilang mga Judio, noon pa ma'y nakikitungo na Siya sa Israel bilang isang bansa, sila'y isang bansa ng mga tao, ang Kanyang bansa.

279 Natutuwa ako ngayong gabi na may Mensahe tayong ganito. At labis akong natutuwa na dumalo kayo, at ang inyong pagdalo ay labis kong ikinagagalak. Nagpapasalamat ako sa Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat sa pagpapahintulot Niya sa akin na makita ang aking nakita, at maihatid ito sa iglesyang ito, at ngayon ay nailabas ko na Ito sa puso ko. Sa loob ng ilang panahon ay nakipag-ugnay ang Espiritu Santo sa puso ko, hindi ko Ito maaaring isantabi, kinailangan kong sumunod Dito.

May dalawang bagay akong nadarama na pinangungunahan ako na gawin.

280 Ang pumunta sa Shreveport, Louisiana, para sa isang pakikipagkita kay Kapatid na Moore. At mapapatunayan sa inyo 'yan ng maybahay ko na nakaupo ryan. Ilang linggo akong halos umiyak, "Gusto kong pumunta sa Shreveport. *Bakit?*" At alam ng sinumang naroon sa Shreveport kung *bakit* nga ba. Wala pa silang nakita o narinig na katulad nun. Maging ang mga mangangaral na nagmumula sa lahat ng dako, mga Baptist at iba't iba. Sinabi ng isang lalaki na noong, ilagay niya ang kanyang kamay sa kahon ng yelo, at bumaba sa kanya ang Espiritu Santo at nagsabi, "Pumunta ka sa Shreveport, Louisiana, sasabihin sa iyo roon kung ano ang gagawin." Sinabi sa kanya ang pangalan ko at kung saan ako matatagpuan. . . Sabi, "Sasabihin niya sa iyo kung ano ang gagawin."

281 Sabi ko, "Bukas ang dakong bautismuhan sa ibaba ng hagdan. Kailangan mo ang bautismo ng Espiritu Santo." At doon. . .

282 Ganoon na nga mismo, nagsasalita ang mga tao ng iba't ibang wika, at—at may mga pagpropesiya at mga bagay ng

paghuhula tungkol sa mga bagay na nangyari dun mismo sa kalagitnaan namin.

²⁸³ Pagkatapos sabi ko, “Kailangan kong pumunta sa Jeffersonville at isulat ang aklat na ito, dahil hindi ko alam kung gaano pa ako maglulumagi rito. Pero kung ipahahayag ko Ito at Ito’y maisusulat, pagkatapos kong mawala na ay magpapatuloy ang mga Salitang ito.” Ipinasulat ko ang kasaysayan na ilalagay sa aklat. At pumunta ako rito upang dalhin ito sa harap ng iglesya upang sumpungan ang inspirasyon ng Espiritu Santo, dahil hindi ko alam ang mga bagay na ito sa aking sarili. Totoo ’yan. Iyon nga’y sa Pangalan ng Panginoon, totoo ’yan, “Hindi ko alam ang mga ito.”

²⁸⁴ Ngayon pakiramdam ko’y napalaya na ako, dama kong inihatid sa atin ng Diyos ang Mensahe. Naniniwala akong nasa dulo na tayo ng daan, naniniwala ako na ito na ang oras para maipakilala sa kalagitnaan natin ang kahayagan ng Diyos. At hindi ko alam kung gaano pa katagal ito, pero nalalapit na ang oras.

²⁸⁵ Nag-aantay na lang tayo sa pagbangon ng dakilang ’yun. Maaaring dumating siya sa araw ko, maaaring dumating siya sa araw nitong mga kabataan, hindi ko alam. Maaaring nasa kalagitnaan na natin siya ngayon, hindi natin masasabi. Narito ang Espiritu Santo para manguna sa atin hanggang sa panahong ’yun, pagkatapos kapag pumalit na sa pangangasiwa sa atin ang pinunong ito haya’t may pahid pa rin siya ng Espiritu Santo; ang—ang Elias, siyempre, na darating. Anupa’t siya ang magiging pinuno na magpapanumbalik sa puso ng mga anak, o, sa mga puso ng mga anak pabalik sa Mensahe ng Ama, pabalik sa Mensahe ng ating Ama sa Langit noong Araw ng Pentecostes nang ibuhos Niya ang Kanyang Espiritu.

²⁸⁶ Na ang maliit na linyang ’yun, inilahad ko ito nang sinlapit ng makakaya ko sa kasaysayan at Biblia, at ipinakitang dumaan mismo ang bagay na ’yun sa mga kapanahunan ng iglesya, at heto na ito ngayon, ipinakita na ang mga denominasyon ay isang sumpa sa harap ng Diyos. Umaasa ako na natugunan na ’yan sa inyong isipan, sa pamamagitan ng Biblia, ng mga gawa ng mga apostol, ng kasaysayan at lahat na. Iyon . . .

²⁸⁷ At wala ni isang pagkakataon man na inorganisa ng Diyos ang Kanyang Iglesya. Ang ina ng mga inorganisang iglesya ay ang Romano Katolikong herarkiya. Ang Romano Katolikong Iglesya, ito ang ina ng mga organisasyon. At sa sandaling maputol ang rebaybal sa alinmang Protestanteng grupo, bumabalik sila kaagad at ginagawa ang parehong bagay. At sinabi ng Biblia, “Siya’y isang patotot. At siya, mayroon siyang mga anak na babae na mga iglesya mula sa kanya.” Kinakailangang mga babae sila, para maging mga patotot. Hayan siya. Kaya naroon na tayo . . .

288 Pero sinabi Niya rin ito, “Huwag kayong matakot, munting kawan, nakakalugod sa inyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian.” Kaya nawa tayong lahat, sa araw na ’yun, kayong mga Methodist, mga Baptist, anuman kayo, “Sinuman na magbubukas ng pinto, Ako’y papasok at kakaing kasalo niya.”

289 Maibilang nawa tayo, mga kapatid kong kalalakihan, mga kapatid kong kababaihan, maibilang nawa tayo sa munting kawan sa araw na ’yun. Maging bahagi nawa tayo ng munting kawan na ’yun na naghihintay sa pagdating Niya, habang Siya’y pumaparito upang kunin ito sa buong mundo. Dahil ang—ang Pag-agaw ay magiging pandaigdigan. “May dalawa sa highaan, kukunin Ko ang isa; dalawa sa bukid, at kukunin Ko ang isa.” Ipinapakita na magiging gabi sa isang bahagi ng mundo at araw naman sa kabila, kita n’yo. Kaya, ito’y, “Dalawa ang nasa highaan, dalawa ang nasa bukid,” kita n’yo, “Kukuha Ako ng isa sa bawat isa.”

290 At gaya ng nabanggit ko kaninang umaga, bumibiyaha ka sa daan isa sa mga araw na ito, kausap si nanay, at pagtingin mo, wala na siya. Mauupo ka sa hapag, umiinom ng iyong—ng iyong kape o kumakain ng iyong agahan, o—o kung ano, at malalaman mo na lang, pagtingin mo sa paligid at wala na si tatay. Ganoon na nga mismo. Darating nga ito, at hindi natin alam kung anong oras. Pero heto, kapag natapos na ito’y kung ganoon ay tapos na ito, pagkatapos ay wala ka nang iba pang magagawa tungkol dito. Sasabihin n’yo, “Matagal ko nang narinig ’yan.” Pero maririnig mo ito sa huling pagkakataon mo. Siyanga. Mangyayari ito dahil Ito’y ang Salita ng Panginoon. At, tandaan n’yo, nabigo na ba Ito sa anumang panahon sa walong gabling ito na nangangaral ako? Pero ang—ang sabi rito ni Jesus, ay nangyari na, at naganap ang bawat kapanahunan ng iglesya ng sadyang tumpak na tumpak.

291 At nakikita natin ang kapanahunang ito ng iglesya na naroroon na, at nasa mismong oras na. Maging kaninang umaga, sa pagtitipo sa mga birhen, sa mismong oras na ang natutulog na birhen. . . . Ngayon, alalahanin n’yo, sinabi ng Biblia na ang natutulog na birhen. . . . noong umalingawngaw na ang sigaw, “Narito, ang Kasintahang Lalaki,” ang pagparito ng Panginoon, ang pangangaral ng Salita. At anong mangyayari pagkatapos? “Malapit na ang oras, nakahanda na ang mga bomba atomika’t ang lahat,” nagsisitakbo na ang mga mangangaral tungo sa mga lansangan at nagsisimulang isigaw ang Mensahe.

292 At sa sandaling gawin nila, ang malaking iglesya kung magkagayon, ang natutulog na birhen, ay nagsabi, “Ah, buweno, matagal na tayong Presbyterian, siguro’y mag-aral tayo at alamin. Oo, alam n’yo, naniniwala akong kailangan nga natin ang Espiritu Santo.” At nagsusulat sila ng mga babasahin at lahat na tungkol Dito ngayon, nagsisimula na. At sabi nila, “Maaari n’yo ba kaming bigyan ng ilan Nito?”

At sabi nila, “Hindi, sapat lamang ang mayroon kami para sa aming sarili.”

²⁹³ Kaya noong nagpunta sila para kumuha ng Espiritu Santo, nagtungo upang manalagin, gaya ng mga iglesya, ginagawa na 'yan ngayon ng malalaki't magagandang simbahan, ng mga organisasyon. Noong nagpunta sila para kumuha ng Langis, dumating ang Kasintahang Lalaki. Kaya sinisikap nilang makakuha Nito ngayon mismo, itong malalaking iglesya, mga organisasyon, nagdadaos ng malalaking internasyunal na pagtitipon tungkol Dito sa—sa mga naorganisang iglesya, na nagsasabi, “Kinakailangang nating bumalik sa Pagpapalang Pentecostal. Kinakailangang magkaroon tayo ng mga makalangit na tagapagpagaling sa iglesya. Kinakailangan nating magkaroon ng mga tagapagsalita ng iba't ibang wika. Kinakailangan nating magkaroon ng mga tagapagpaliwanag ng iba't ibang wika. Kinakailangan nating magkaroon ng espirituwal na mga kaloob na ito sa ating iglesya, at sadyang kinakailangan nating magsimula ng mga pagtitipon at magpagsimulang gumawa ng ganito.” Nagkakaroon sila ng mga konseho, sinimulang gumawa ng ganoon. Habang wala sila para gawin 'yun, 'yun 'yung mismong oras naman na dumating ang Kasintahang Lalaki at inagaw 'yung mga may Langis sa kanilang ilawan, at umalis na.

²⁹⁴ Pagkatapos dumating sila, at anong nangyari? Itinapon sila sa labas na kadiliman (ang panahon ng Malaking Kapighatian) kung saan magkakaroon ng pag-iyak at pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin, habang nasa Langit ang Nobya. Oh, grabe!

²⁹⁵ Pagkatapos sa dulo ng tatlo at kalahating taon na 'yun, darating Siyang gaya ni Joseph at ipapakilala ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga kapatid. Magdudulot ito ng pag-iyak sa lahat ng dako, at sasabihin nila. . . Hihiwalayin nila ang kanilang mga sambahayan, at iiyak at—at sasabihin, “Saan Mo nakuha ang mga pilat na 'yan?” At—at ang nabutas. . . makikita Siya ng mga tumusok sa Kanya, at ipapakilala Niya ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga kapatid.

²⁹⁶ Ngayon sinisikap Niyang ipakilala ang Kanyang Sarili sa Kanyang Iglesya, at itinulak na nila Siya palabas. At nakatayo pa rin Siya, kumakatok, nagsasabi, “May isa pa ba riyang? Isa na magbubukas at hahayaan Akong pumasok at makipag-usap sa iyo?”

²⁹⁷ Oh, natutuwa ako, labis na nagpapapasalamat na mga. . . maraming taon na ang nakalipas, mga dalawampu't walong taon na ang nakalilipas, nadama ko ang katok na 'yun sa puso ko. At ako. . . pumasok Siya, ako'y kumakaing kasalo na Niya at Siya'y kasalo ko magmula noon. At natanggap ko ang Pagpapalang Pentecostal, natanggap ko na ang Espiritu Santo.

²⁹⁸ Nabautismuhan na sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa kapatawaran ng aking mga kasalanan, ang tanging pagkakataong nabautismuhan ako kailanman sa buhay ko, minsan. Noong munting bata pa lamang ako, walang makapagsasabi sa akin na mayroong tatlong Diyos. Hindi, hindi n'yo 'yun maipipilit sa akin. Hindi mo ito maigigiit sa kanino man na nakakaalam ng anumang. . . nakakaalam kung ano ang Diyos. Siyanga. Kaya noong nagbautismo ako. . . isang mangangaral ng Baptist ang nagbautismo sa akin. Sabi ko, "Gusto kong mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo." Binautismuhan ako ni Dr. Roy E. Davis sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo noong kabataan pa lang ako. Kita n'yo? Siyanga. Kaya aking—aking pinaniniwalaan ito, nanatili ako rito, at alam kong ito'y ang Katotohanan. Ito ang Walang Hanggang Salita ng Diyos. Siyanga. Siyanga.

I'm so glad that I can say I'm one of them.

I'm one of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
I'm one of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Though these people may not learn to be,
Or boast of worldly fame,
They have all received their Pentecost,
Baptized in Jesus Name;
And are telling now, both far and wide,
His power is yet the same,
I'm so glad that I can say I'm one of . . .

²⁹⁹ Nagagalak ba kayo? Kung nagagalak kayo, itaas n'yo ang inyong kamay.

One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;

Kapag naging Kanya na kayo ay pangingibabawan n'yo na ang lahat ng kasalanan, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Come, my brother, seek this blessing
That will cleanse your heart from sin,
That will start the joy-bells ringing
And will keep your soul aflame;
Oh, it's burning now down in my heart,
Oh, glory to His Name,
And I'm glad that I can say I'm one of them.

Oh, one of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
(Hallelujah!)
One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

They were gathered in the upper room,
 All praying in His Name,
 They were baptized with the Holy Ghost,
 And power for service came;
 Now what He did for them that day
 He'll do for you the same,
 I'm so glad that I can say . . .

³⁰⁰ Ngayon ay magkamayan tayo, sa harap, likod, at sa palibot.

One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

Hindi ba't nagagalak kayo na isa kayo sa kanila? [Sinasabi ng kongregasyon, "Oo! Amen! Hallelujah!"—Pat.] Gusto ko 'yan. Maingay na grupo!

Shh! Shh! [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa ibang wika, at isang kapatid na lalaki naman ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.]

³⁰¹ Pinasasalamatan Ka namin nang lubos, Ama, dahil sa Iyong kabutihan at mga kahabagan sa amin, na kami'y di karapat-dapat. Ang isipin na Iyo pong pagtitibayin ang Iyong Mensahe ngayon, Panginoon, nangako sa mga tao. Dalangin ko, Diyos, na ang Iyong kahabagan ay sumakanila.

³⁰² Kung may sinuman dito na hindi pa nakakakilala sa Kanya bilang Tagapagligtas, na nais n'yong masumpungan Siya ngayon mismo sa inyong mga puso bilang ang Tagapagligtas, maaari ba kayong tumayo habang naghahandog kami ng panalangin para sa inyo? Sinabi Niya na Kanyang . . . ipinahayag ang Mensaheng ito roon at gusto Niyang pagtibayin ang Kanyang Salita sa inyo. Kung mayroong ilan dito na hindi pa nakakakilala sa Kanya at hindi pa tumanggap ng Kanyang Espiritu, Siya'y nangungusap sa inyo.

³⁰³ Sige, ang isang 'yun sa may likod. Maaari ka bang tumayo lamang, kapatid? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita—Pat.] Gusto Niyang mabautismuhan sa Espiritu Santo, 'yun ba ito, kapatid? Pagpalain ka ng Diyos. Tumayo ka sa kinaroroonan mo. May iba pa bang gustong tumayo at magsasabi, "Gusto kong mabautismuhan sa Espiritu Santo"? Pagpalain ka ng

Diyos, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos. Mabuti 'yan. Tumayo ka lamang. Manatili lamang sa pagkakatayo. Mayroon pa bang iba na ibig matanggap ang Espiritu Santo at mabautismuhan, gustong maalala sa ating pananalangin ngayon, upang mabautismuhan ng Espiritu Santo? May isa pa ba, bago ko sabihin ang nakatakda kong sabihin, na gustong tumayo at maisama?

Oh, would you be numbered as one of His fold?
 (Maaari n'yo ba itong gawin?)
 Be spotless within, be watching and waiting
 that sight to behold;
 He's coming again.

³⁰⁴ Darating Siyang muli. Gusto n'yo bang maging kalaban Niya o gusto n'yong maging anak Niya? Isa na Siyang galit na Diyos sa umagang 'yun, walang kahit ano kundi ang Dugo lang ni Jesus ang kikilalanin Niya. Hindi Niya kailanman. . . Ang pagiging miyembro n'yo sa simbahan ay magiging walang kabuluhan sa Kanya. Wala kundi ang Dugo lamang!

Oh, precious is that flow
 That makes me white as snow;

Nang marahan po.

No other fount I know,
 Nothing but the Blood of Jesus.

What can wash away my sin?
 Nothing but the Blood of Jesus;
 What can make me whole again?
 Nothing but the Blood of Jesus.

Oh, precious is the flow
 That makes me white as snow;
 No other fount I know,
 Nothing but the Blood of Jesus.

[Nagsimulang ihiging ni Kapatid na Branham
 ang *Nothing But The Blood*—Pat.]
 Nothing but the Blood of Jesus;
 This is all my righteousness,
 Nothing but the Blood of Jesus.

Mayroon pa ba?

Oh, precious is . . .

Wala talagang makakaalpas, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Palubog na nang palubog ang daigdig, palala na siya!

. . . as snow;
 No other fount I know,
 Nothing but the Blood of Jesus.

305 Nang marahan lang ngayon, Teddy, kung mamarapatin mo, “May isang bukál na puno ng Dugo, na mula sa ugat ni Emmanuel ay tumutulo.”

306 Ngayon, mga kaibigan, kayong mga nakatayo ay—ay nagsusumikap na tanggapin ang pagkamagiliw ng Panginoong Jesus. Ang siya ring Biblia na nagsasabi sa atin na mangyayari ang mga bagay na ito, ay tinupad ang mga ito nang eksakto sa paraang ipinangako Niya ito. “Ngayon, ang pangako,” sabi ni Pedro, “ay sa inyo at sa inyong mga anak at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.”

307 Tumayo kayo dahil sa ninanais n’yo ang pagpapala ng Diyos sa inyo. At bilang lingkod Niya, idinalangin ko kayo, idadalangin kong ipagkaloob ng Diyos sa inyo ang bautismo ng Espiritu Santo. At iniisip ko kung magagawa kaya n’yo ito sa inyong puso, kung kayo’y sinsero, kung maaari n’yong ipangako ito sa Diyos: “Diyos, akin pong, mula sa oras na ito, sa pagtayo ko, sinisikap kong matamo ang bautismong ito ng Espiritu Santo, patuloy akong mananalangin at maghihintay hanggang sa puspusin Mo ako ng Espiritu Santo.” Maaari n’yo bang ipangako ‘yun sa Diyos sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong mga kamay? “Patuloy akong mananalangin, patuloy mismo, hanggang sa puspusin Mo ako ng kaluguran at kabutihan ng Espiritu.”

Inihahandog ko ang aking panalangin para sa inyo ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo:

308 Ama naming Makalangit, sila ang tropeo ng Iyong Presensya. Alam nilang ang mga Salitang ito ay totoo dahil sila’y sa Iyo. Alam nilang sila ay ipinagkaloob ng Espiritu Santo, dahil sila’y ang Salita ng Diyos. At kumbinsido sila na kailangan Ka nila, na kailangan nila ng kaluguran ng Espiritu Santo sa kanilang buhay upang pagkalooban sila ng kapangyarihang mapanagumpay. “At tatanggap sila ng kapangyarihan mula sa Kaitaasan,” tatanggap ng kapangyarihan upang mamuhay ng isang Cristianong pamumuhay, tatanggap ng kapangyarihan para mapagtagumpayan ang mga tukso. Gaya ng awit na kaaawit lamang namin, “Sa itaas na silid sila’y nagtitipon at nananalangin lahat sa Ngalan Niya, nabautismuhan sila ng Espiritu Santo at ang kapangyarihan para maglingkod ay dumako sa kanila.” Iyon ang gusto nila, kapangyarihan para maglingkod na bumaba sa kanila.

309 Dalangin ko po sa Iyo, Ama, bilang Iyong lingkod, gaya ng Iyong nakikita na itinataas nila ang kanilang mga kamay, nangako sila sa Iyo at isang pangako ito na hindi sila titigil, hindi nila ito isasantabi, kundi mananalangin sila hanggang sa puspusin Mo sila, Panginoon, sa isang kasiya-siyang bahagi ng Iyong Banal na Presensya sa kanilang buhay. Inihahandog ko

ang aking panalangin para sa kanila, Panginoon, bilang Iyong lingkod, na sila'y mapupuspos ng Espiritu Santo. Panginoon, dalangin ko pong hindi nila lilisanin ang simbahang ito hanggang sa mangyari ito, na narito sila hanggang ang bawat kaluluwa ay mapuspos ng Espiritu Santo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

³¹⁰ Ikaw ay Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat, nahayag Ka sa laman upang alisin ang mga kasalanan ng sanlibutan. Bumangon Ka sa ikatlong araw, umakyat sa Kaitaasan. At narito Ka ngayong gabi, sa kalagitnaan namin, at sa pangalan ng Espiritu Santo. At dalangin po namin, Ama, na Ikaw, aming mahal na Panginoon, ay pupuspin ang bawat isa sa kanila ng Iyo Mismong Sarili. At sila nawa ay maging isang—isang pagpapala sa Iyong Kaharian at sa panahon na darating. At isang araw kapag sa wakas ay narating Mo na ang dulo ng landas, maaaring ngayon na 'yun, hindi namin alam kung kailan 'yun mangyayari. Subalit ako nawa, Panginoon; ay mapabilang doon sa makakasama sa Pag-agaw. Ang mga ito nawa ay mga makakasama sa Pag-agaw. Ang bawat tao nawa, sa Banal na Presensya at ng lahat ng puspos ng Espiritu, na pag-aari ng Diyos, ay makasama sa Pag-agaw.

³¹¹ Iyo pong tanggapin ang mga ito ngayong gabi, Ama. Sila po'y sa Iyo na ngayon, itinatagubilin ko sila sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³¹² Ngayon nais kong ang iba pa sa inyo na nakatayo sa tabi ng mga taong ito, na taglay ang Espiritu Santo, ay tumayo, ipatong ang inyong mga kamay sa kanila.

. . . a Fountain filled with blood,
 Drawn from Emmanuel's veins,
 And sinners plunged beneath that flood,
 Lose all their guilty stain.
 Lose all their guilty stain,
 Lose all their guilty stain;
 And sinners plunged beneath that flood,
 Lose all their guilty stain.

The dying thief rejoiced to see
 That Fountain in his day;
 And there may I, though vile as he,
 Wash all my sins away.
 Wash all my sins away,
 Wash all my sins away;
 And sinners plunged beneath that flood,
 Lose all my sins away.

³¹³ Ngayon ay itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Diyos at magpuri lamang sa Kanya. Sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon. Tumatayo ako, magpupuri ako sa Iyo. Pinasasalamatang Kita para sa Iyong mga pagpapala, para sa Iyong kabutihang, at sa

pagkakaloob sa akin ng bautismo ng Espiritu Santo.” Salamat sa Iyo, Panginoon! Salamat sa Iyo, Panginoon! Pinasasalamatan Ka, minamahal na Diyos, sa pagbibigay sa amin. . . Tinutupad Mo ang Iyong pangako, Iyong sinabi mismo. Sumasampalataya kami sa Iyo.

³¹⁴ Hindi ba’t nagagalak kayo? Sabihin, “Purihin ang Panginoon!” Teddy, bigyan mo pa ako. . . isa na lang, “Nakikita natin ang maraming tao na di maintindihan. . .” *This Is Like Heaven To Me.*

We find many people who can't understand
Why we are so happy and free;
We've crossed over Jordan to Canaan's fair
Land,
And this is like Heaven to me.

Oh, this is like Heaven to me,
Oh, this is like Heaven to me;
Oh, we've crossed over Jordan to Canaan's fair
Land,
And this is like Heaven to me.

Oh, when I get happy, I sing and I shout,
The devil don't believe It, I see;
But I'm filled with the Spirit, there isn't a
doubt,
And that's what's the matter with me.

Oh, that's what's the . . . Heaven to me, (Purihin
ang Diyos!)
Oh, this is like Heaven to me;
I've crossed over Jordan to Canaan's fair Land,
And this is like Heaven to me.

³¹⁵ Hindi ba’t natutuwa kayo rito? Mabuti. Kamayan n’yo ang sinuman, sabihin, “Purihin ang Panginoon!” Ito’y para bang Langit, Panginoon.

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet! (How sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon, nang marahan, habang nakayuko ang ating mga ulo:

. . . the Name of Jesus ever,
As a Shield from every snare;
When temptations round you gather,
Just breathe that Holy Name in prayer.
Precious name, O how sweet!



ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG LAODICEA TAG60-1211E
(The Laodicean Church Age)

SERYE NG ANG KAPAHAYAGAN UKOL KAY JESUS CRISTO

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Disyembre 11, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org